

ABISO SA PAGSASARA AT PLANO NG PAGLILIPAT AT RELOKASYON NG PASYENTE NG LAGUNA HONDA HOSPITAL AND REHABILITATION CENTER

PANIMULA – ABISO NG INTENSIYON SA PAGSASARA AT PLANO NG PAGLIPAT

Ang Abiso sa Pagsasara at Plano ng Paglilipat at Relokasyon ng Pasyente (Plano sa Pagsasara) ay isinumite ng Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center (Laguna Honda) sa U.S. Department of Health and Human Services (DHHS), Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS), at sa California Department of Public Health (CDPH) kasunod ng terminasyon ng sertipikasyon ng CMS ng Laguna Honda sa Medicare/Medicaid Program simula nitong Abril 14, 2022.

Pangalan ng Pasilidad: Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center Lisensiya ng

Pasilidad #: 220000040

Address ng Pasilidad: 375 Laguna Honda Boulevard San Francisco, California 94116

Inaasahang Petsa ng Pagsasara: Septyembre 13, 2022

Sensus ng Pasyente (nitong Mayo 6, 2022): 686

Demograpiko ng Pasyente:

Magbabayad	Sensus ng Pasyente
Malusog na mga Manggagawa/Bata	1
Medi-Cal	540
Pangangalaga na Pinangangasiwaan ng Medi-Cal	7
Nakabinbin na Medi-Cal	1
Medicare	126
Pangangalaga na Pinangangasiwaan ng Medicare HMO	1
Bayaran ng Personal	2
SFHP SFHN Pinangangasiwaan ng Medi- Cal	7
Bayarin Para sa Manggagawa	1
Kabuuan	686

Mga Pasyenteng May Kakulangan ng Kapasidad	Sensus ng Pasyente
Kakulangan ng Kapasidad na Walang Tagapagdesisyon	2
Inalagaan, Pamublikong Tagapangalaga	101
Nakabinbin na Pamublikong Tagapangalaga	8
May Kahaliling Tagapagdesisyon	378

Itong Plano sa Pagsasara ay isinumite sa CMS at CDPH noong Mayo 13, 2022 (“Petsa ng Pagsumite”). Ang mga bagong pagtanggap ay itinigil noong Abril 14, 2022, at wala nang tatanggapin na mga bagong pasyente sa petsang sinabi at pagkatapos nito.

Ang layunin nitong Plano sa Pagsasara ay upang tiyakin na ligtas, matiwasay, at ayon sa klinikal na kaayusan ang paglilipat o pagpapalabas sa bawat pasyente na may kaunting lamang na tensiyon para sa mga pasyente, pamilya, tapag-alaga, at legal na mga kinatawan (pinagsama, mga Kinatawan). Ang lahat ng mga pasyente na benepisyaryo ng Medicare at Medicaid ay ilalabas o ililipat patungo sa pinaka-angkop na kalagayan hangga’t maaari na isinasaalang-alang ang kalidad, mga serbisyo, at lokasyon, kung ito ay puwede nang gamitin at nasuring angkop ng grupo ng tagapangalaga ng residente pagkatapos maisaalang-alang ang indibidwal na mga pangangailangan, kagustuhan, at interes ng pasyente. (Tandaan na ang Plano sa Pagsasara na ito ay patungkol lamang sa mga pasyente na benepisyaryo ng Medicare at Medicaid.) Ang layuning ito ay dapat maisakatuparan sa pinakamabilis na paraan hangga’t maaari sa ilalim ng mga pangyayari, katulad ng mga binanggit dito. Dapat gawin ng Laguna Honda ang kanilang makakaya para maabot ang itinakdang panahon na binanggit dito.

Sa buong bansa, lalong lalo na sa lugar ng San Francisco Bay Area, may kakulangan sa Medi-Cal na mga kama sa Skilled Nursing Facilities (SNFs). Noong 2020, mayroong mga 340 lamang ng nasa ospital na SNF na mga kama na sertipikado ng Medi-Cal sa San Francisco, hindi kasali dito ang Laguna Honda. Dagdag pa rito, 368 lamang sa humigit-kumulang 845 kabuuang SNF na mga kama na free-standing ang sertipikado ng Medi-Cal noong 2020. Sa San Francisco mayroon lamang humigit-kumulang na 16 SNF na mga kama sa bawat 1,000 mga matatanda na edad 65 at pataas noong 2020.¹ Ayon sa ulat na kinolekta ng Kagawaran Para sa Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health) (SFDPH), Office of Policy and Planning, sa mga kakulangan ng SNF na kama sa San Francisco at sa Bay Area, ang San Francisco ang may pinakamaraming SNF na mga kama sa Bay Area, pero, sa kalagitnaan ng 2013 at 2020, mayroong 23.4% na pagbaba ang mga nasa ospital at mayroong 10.6% na pagbaba sa free-standing na SNF na mga kama sa San Francisco at 2% na pagbaba sa buong Bay Area.² Dahil sa laki ng Laguna Honda, sa limitadong dami ng SNF na mga kama at mga kama sa iba pang mga angkop na paglalagyan sa San Francisco Bay Area at California, sa mga kinakailangang pagpoproseso para sa abiso at pagpapalabas, at sa pagiging masalimuot na populasyon ng mga pasyente sa Laguna Honda, na marami sa kanila ay may pinagsamang pangangailangan sa kanilang kalusugang pag-uugali, mga sakit may kinalaman sa hindi wastong paggamit ng gamot o droga, at iba pang masalimuot na panlipunan at medikal na mga dahilan, ang proseso ng paglilipat at pagpapalabas sa mga pasyente ay dapat gawin sa isang itinakdang yugto ng panahon. Sa bawat CMS, ***kailangan ng Laguna Honda na ilipat nila at palabasin ang lahat ng kanilang kasalukuyang mga pasyente sa loob ng apat na buwan simula ng maaprubahan ang Plano sa Pagsasara (ang pag-apruba nito ay inaasahan sa Mayo 13, 2022, kalakip ang apat na buwan simula ng petsang ito ay Setyembre 13, 2022), kalakip posible ang 2-buwan na palugit kung may makatwirang mga dahilan ayon sa pag-apruba ng CDPH at CMS.*** Gaya ng binalangkas sa Plano sa Pagsasara na ito, ang Laguna Honda ay patuloy na

¹ SFDPH, Office of Policy and Planning, Skilled Nursing Facility Data Brief, April 2020 sa p. 2.

² *Id.* sa p. 2-4.

nagpapalabas ng mga pasyente na naaayon sa angkop na mga kahilingan at gumagawa na ng mga pagtatasa sa mga pasyente para masimulan ang paghahanda sa paglilipat at pagpapalabas na naaayon sa mga kahilingan sa pagsasara ng estado at pederal at patuloy na gagawin ito nang maayos at sistematiko habang nag-aaplay uli ito sa pakikibahagi sa mga programa ng Medicare at Medicaid. Gagawin namin ang aming makakaya upang ilipat ang mga pasyente ayon sa itinakdang panahon ng CMS gaya ng ipinakita sa planong ito. Kung mangyari man na walang alternatibong mga paglalagyan at ginawa na ang buong makakaya sa paglilipat, ang lahat ng mga partido, kasama na ang Kagawaran Para sa Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health), CMS, at CDPH ay nangakong gagawa ng magkasama para alamin ang mga kakayahan at mga solusyon kung paano paglingkuran ang mga natitirang pasyente.

Ang Laguna Honda ay maglalaan ng paghahanda at pagpapaliwanag sa lahat ng mga pasyente upang matiyak at maisagawa ng ligtas at maayos hangga't maaari ang pagsasara pagdating nitong Plano sa Pagsasara. Ang Laguna Honda ay walang anumang gagawin para bawasan ang dami ng mga kawani o ang kahit anong pangangalaga at mga serbisyo, at ang mga pasyente ay patuloy na tatanggap ng angkop na may bihasang pangangalaga sa panahon ng proseso ng pagsasara.

Ang Laguna Honda ay naglagay ng isang koordineytor sa pagsasara at maglilingkod din bilang pangunahing kontak sa pagitan ng Laguna Honda, CMS, CDPH, at iba pang mga angkop na ahensiya ng estado.

Kinikilala ng Laguna Honda na mananatili silang may pananagutan sa pangangalaga at mga serbisyo sa panahon ng pagpapatupad ng Plano sa Pagsasara. Batid ng Medical Director at mga nakatataas na tagapangasiwa ang pagsasara at nakikibahagi sila sa pagsulong ng Plano sa Pagsasara na ito.

Administrador sa Pagsasara ng Pasilidad: Michael Phillips, Chief Executive Officer

Koordineytor sa Pagsasara ng Pasilidad: Irin Blanco, Director of Care Coordination

Numero ng Telepono: 415-699-8138

Email: Irin.Blanco@sfdph.org

Ang Laguna Honda ay hindi na tatanggap ng mga bagong pasyente simula sa Abril 14, 2022, at wala nang mga bagong pasyente ang tatanggapin sa petsang ito o pagkatapos ng petsang ito. Habang ipinapatupad ang Plano sa Pagsasara, araw-araw na magbibigay ng update ang Laguna Honda sa CDPH tungkol sa aming pagsulong sa paglilipat sa mga pasyente, kasama kung saan sila inilipat, hanggang sa mailipat lahat ang mga pasyente.

Ang Plano sa Pagsasara na ito ay inorganisa sa sumusunod na walong aspekto ng gawain para sa paglilipat o pagpapalabas sa mga pasyente sa inaasahang pagsasara ng Laguna Honda*:

1. Mga Kailangan sa Abiso
2. Mga Pagtatasa sa Pasyente
3. Mga Pagpupulong ng Pasyente at Pamilya
4. Identipikasyon ng mga Kama at Pagtugma sa mga Pasyente
5. Mga Pagdinig Tungkol sa Pagpalabas/Paglipat
6. Pagpapatigil sa Pagtanggap sa Pasyente
7. Paglipat at Pagpalabas sa Pasyente

8. Pagpapatupad at Koordinasyon
9. Administrador at Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad: Mga Tungkulin at mga Responsibilidad

* Ang mga gawaing ito ay maaaring isagawa sa parehong panahon habang ang mga pasyente ay isinasailalim sa pagtatasa at paglipat.

BAHAGI 1 - MGA KAHINGIAN SA ABISO

Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid Isusumite ng Laguna Honda ang Plano sa Pagsasara na ito sa CMS para repasuhin at aprubahan at para masimulan ang pagpapatupad at koordinasyon sa Mayo 9, 2022.

Kagawaran para sa Pamublikong Kalusugan ng California. Isusumite ng Laguna Honda ang Plano sa Pagsasara na ito sa CDPH para repasuhin, aprubahan ang plano sa relokasyon at paglilipat, at para masimulan ang pagpapatupad at koordinasyon sa Mayo 9, 2022.

Mga Empleyado. Aabisuhan ng Laguna Honda ang lahat ng kawani ang tungkol sa nalalapit ng pagsasara at ang mga proseso at mga itinakdang panahon na nilalaman ng Plano sa Pagsasara pagkatapos na maaprubahan ito ng CMS at CDPH.

Mga Pasyente.

Ang mga Pasyente ay tatanggap ng dalawang mga abiso na may kaugnayan sa Plano sa Pagsasara na ito, gaya ng mga sumusunod.

Abiso ng Plano sa Pagsasara (per 42 CFR §483.70(l))

Kung aprubado na ng CMS at CDPH ang Plano sa Pagsasara, aabisuhan ng Laguna Honda ang bawat pasyente o angkop na mga Kinatawan sa berbal na paraan o sa pamamagitan ng sulat. Ang bawat pasyente o angkop na Kinatawan ay makatatanggap ng kopya ng Sulat ng Abiso at Ehekutibong Buod ng Plano sa Pagsasara sa mismong Lunes, Mayo 16, 2022 sa wika na gusto nila at sa paraan na maiintindihan nila. Ang Sulat ng Abiso ay maglalaman din ng impormasyon kung paano sila makakatanggap ng kopya ng Plano sa Pagsasara na ito sa wikang gusto nila. **(Tingnan ang Inilakip na Dokumento 1, Halimbawang Sulat ng Abiso sa Pasyente/Miyembro ng Pamilya/Legal na Kinatawan at Inilakip na Dokumento 2, Ehekutibong Buod ng Plano sa Pagsasara).**

Abiso sa Indibidwal na Pasyente Tungkol sa Iminumungkahing Paglipat/Pagpalabas (per Health & Safety Code § 1336.2(a)(3))

Ang mga abisong ito ay isa-isang ipapadala sa mga pasyente ayon sa mga pangangailangan ng bawat isa pagkatapos ng pagtatasa para mapaliit ang posibilidad ng tinatawag na trauma sa paglilipat, o ng tensiyon na maaaring maranasan ng isa kung maglilipat ng mga pinamumuhayang lugar. Ang mga pasyente ay susuriin simula sa lahat ng yunit, at kung may nakitang angkop na paglipat para sa bawat pasyente, ito ay iaalok sa pasyente kahit anuman ang masusuri ng Grupo. Ang bawat abiso ng paglipat ng bawat pasyente ay ipapadala kaagad

pagkatapos makumpleto ang pagsuri sa pasyente at ang paglalagyan ay natunton at puwedeng lipatan. **(Tingnan ang Inilakip na Dokumento 4, Abiso sa Iminumungkahing Paglipat/Pagpalabas at Karapatan na Umapela)**

Ang Laguna Honda ay magbibigay sa bawat pasyente ng Abiso sa Iminumungkahing Paglipat/Pagpalabas ng espesipiko sa pasyente sa di-kukulangin 60 araw ng patiuna sa kahit anumang paglipat o pagpalabas na naaayon sa California Health and Safety Code Section 1336.2, maliban sa mga sitwasyon na ang kalagayan ng pasyente ay magsasapanganib ng kalusugan at kaligtasan ng pasyente o ng ibang mga indibidwal sa Laguna Honda, sa ganitong sitwasyon ang abiso sa paglipat/pagpalabas ay maaaring ibigay na hindi lalagpas sa 60 araw ng patiuna pagkatapos ng pagkikipagtalakayan at pag-apruba ng CDPH. Babanggitin ng abiso ang inirerekomendang paglipat o pagpalabas at ang mga dahilan sa paglipat sa wika at paraan na maiintindihan ng pasyente at kinatawan ng pasyente. Ang abiso ay maglalaman din ng impormasyon tungkol sa uri ng iminumungkahing paglipat/pagpalabas ayon sa pagtatasa na inilalarawan sa Bahagi 2, sa baba, at maglalaman din ito ng lahat ng impormasyon na hinihiling ng batas (halimbawa, ang impormasyon na nakasulat sa 42 C.F.R. § 483.15(c)(5) at California Health and Safety Code § 1336.2).

Ang bawat pasyente at/o pamilya o kinatawan ay may karapatan na umapela sa pagpalabas/paglipat sa ilalim ng Pederal na Batas at magkaroon ng pagdinig alinsunod sa mga kahilingan/utos ng DHCS Office of Administrative Hearings and Appeals Ngunit, sa konteksto ng paglipat/pagpalabas na may abiso sa pinaplanong pagsasara sa pasilidad, ipapaalam sa mga pasyente na ang proseso ng pag-apela ay hindi magreresulta ng pagpapanumbalik ng mga benepisyo o coverage sa panahon ng kanilang pananatili sa Laguna Honda hanggang sa proseso ng pagsasara at nangangailangan ng isang pagtatasa kung, pagkatapos hindi tanggapin ang magagamit at angkop na opsiyon sa paglipat o pagpalabas, ang pasyente ay may ibang mapagkukuhanan para bayaran ang gastos sa serbisyo sa Laguna Honda sa panahon ng proseso ng pagsasara hanggang sa Inaasahang Petsa ng Pagsasara. **(Tingnan ang Inilakip na Dokumento 4, Abiso Tungkol sa Karapatang Umapela)**. Kung nais ng pasyente na mailipat ng mas maaga kaysa 60 araw na kahilingan para sa abiso upang samantalahin ang magagamit na kama sa ibang pasilidad, ang lahat ng naangkop na mga hakbang ay gagawin ng Laguna Honda para unahin at kompletuhin ng naaayon sa kahit anong kahilingan ng paglipat ng pasyente bago ang 60 araw na timeline. Karagdagan pa, ang lokal na opisina ng Ombudsperson ay bibigyan ng mga kopya ng mga abiso na ibinigay sa mga pasyente at/o mga Kinatawan.

Lokal at Long Term Care (LTC) Ombudsperson ng Estado Ipapaalam agad ng Laguna Honda sa Ombudsperson kung aprubado na ang Plano sa Pagsasara na ito para mabigyan ng tulong sa paglipat ang mga pasyente at mga Kinatawan at para matugunan ang mga alalahanin ng anumang pasyente/Kinatawan tungkol sa mga kahilingan at proseso ng paglipat.

Ang Departamento ng mga Pangkalusugang Serbisyo sa Pangangalaga (Department of Health Services o DHCS): Ang Laguna Honda ay magbibigay agad ng nakasulat na abiso sa DHCS Office of Administrative Hearings and Appeals kung aprubado na ang Plano sa Pagsasara na ito na inaasahan ang mga pagpalabas o paglipat at kaugnay na mga apela na maaaring i-file ng mga pasyente na nakatira sa Laguna Honda.

Mga Doktor at Iba pang mga Tagapagbigay Serbisyong Pangkalusugan. Ang mga grupo na naglalaan ng pangangalaga sa pasyente ay mayroong tungkulin sa paggawa ng plano para sa lugar na paglalagyan ng pasyente at ipapaalam sa kanila ng Laguna Honda sa pamamagitan ng sulat ang nalalapit na pagsasara pagkatapos aprubahan ng CMS at CDPH ang Plano sa Pagsasara. (**Tingnan ang Inilakip na Dokumento 3, Halimbawang Sulat ng Abiso sa Kawani ng Pasilidad**). Kung matunton na ang lugar na paglalagyan para sa bawat pasyente, ipapaalam sa lahat ng nasasangkot na tagapag-alaga ang nalalapit na petsa ng paglipat/pagpalabas at iminumungkahing lokasyon ng pasyente.

Mga Serbisyong Transportasyon at Vendor/Kontraktor. Ipapaalam din sa serbisyo sa transportasyon ng Laguna Honda at mga vendor provider ang kanilang mga indibidwal na tungkulin sa pagsasara pagkatapos maaprubahan ng CMS at CDPH ang Plano sa Pagsasara.

BAHAGI 2 - MGA PAGTATASA SA PASYENTE

Ang populasyon ng mga pasyente sa Laguna Honda ay malaki at masalimuot. Marami sa mga pasyente ay mayroong komplikado at malalang mga pangangailangang medikal at may mga problema sa kalusugang pag-uugali (tulad ng nasuring sakit sa pag-iisip at/o mga sakit na may kinalaman sa hindi wastong paggamit ng gamot o droga) at iba pang problemang panlipunan at pag-uugali. Ito ang nagpapahirap sa paglilipat sa maraming sitwasyon, dahil ang mga pasilidad ay walang kakayahan o kapasidad na maglaan ng serbisyo sa mga pasyente na may espesipikong pangangailangang medikal at/o pag-uugali. Dahil sa laki at mga pangangailangan ng kasalukuyang populasyon ng mga pasyente, mangangailangan ng maraming oras ang mga kawani na kompletuhin ang angkop at malawakang mga pagtatasa sa lahat ng mga pasyente gaya ng binalangkas sa Bahagi 2.

Ang mga pamantayang estado at pederal ay humihiling sa SNFs na kompletuhin ang malawakang mga pagtatasa sa bawat pasyente bago ng anumang paglipat sa ibang pasilidad o pagpalabas patungo sa komunidad sa panahon ng pagsasara sa pasilidad. Ang mga pagtatasang ito ay susi para tukuyin ang angkop na mga pasilidad na makakatugon sa espesipikong mga pangangailangan at pagnanais ng bawat pasyente.

Yugto 1 (patiunang repaso): Sinimulan ng Laguna Honda ang patiunang proseso ng tsart para sa repaso ng pasyente noong Abril 15, 2022. Sa panahon ng repaso sa tsart, matutukoy ng Laguna Honda ang mga pasyente na maaaring palabasin na may mababang mga antas ng pangangalaga. Ang mga patiunang repaso sa mga tsart ay makukompleto sa Mayo 12, 2022.

Yugto 2 (repasso ng multidisciplinary na grupo): Ang susunod na yugto ay agad na magsisimula kung aprubado na ang Plano sa Pagsasara. Ang yugtong ito ay nagsasangkot ng interdisciplinary na grupo na nilalakipan ng iilang mga doktor, pangangalaga, at serbisyong panlipunan, at kung ipinapakita, ang hindi wastong paggamit ng gamot/pag-abuso sa droga, kalusugan sa pag-iisip, at rehabilitasyon, gayundin ang mga Kinatawan ng Pasyente kung naangkop ito. Ang bawat disiplina ay susuriin ang bawat pasyente at rerepasuhin nito ang medikal na mga rekord ng bawat pasyente ayon sa lawak ng kanilang kasanayan, magpupulong para talakayin ang bawat pasyente

bilang bahagi ng Resident Care Team, at nagbibigay ng malawakang pagdudokumento sa bawat hakbang. Ang bawat indibidwal na pagtatasa ay tinatayang makukompleto sa humigit-kumulang isang oras, pero depende sa mga pangangailangan ng pasyente, maaaring magtagal pa ito ng karagdagang isa hanggang dalawang oras.

Magkasabay na mga Pagtatasa. Ang bawat isa sa 13 yunit sa Laguna Honda ay agad na magsisimula ng pagsasagawa ng mga pagtatasa sa mga pasyente na nakalista ng magkasabay sa ibaba sa isang rolling basis kung aprubado na ang Plano sa Pagsasara, kalakip ang tunguhin na magkaroon lagi ng maraming pasyente na handang mailagay sa mga lugar may kaugnayan sa bawat Grupo na nakalista sa ibaba para magamit ang mga paglalagyan sa bawat antas kung ito ay puwede nang lipatan. Kapag natapos na ang bawat indibidwal na pagtatasa, ang pasyenteng iyon ay ililipat sa susunod na yugto upang matukoy ng mas mabilis hangga't maaari ang paglalagyan.

Ang yugtong ito ay nilalakipan ng indibidwal na mga pagtatasa na nakalista sa ibaba, at layunin ng Laguna Honda na kompletuhin ang 6 na pasyente sa bawat yunit lingo-lingo (o 78 sa bawat kabuuang bilang linggo-linggo sa 13 yunit sa Laguna Honda). Kapag nagsimula na ang proseso, kung napagtanto ng Laguna Honda na ang prosesong ito ay maaaring kompletuhin ng mas mabilis, o mabagal ito, kaysa sa patiunang pagtatayang ito, agad na ipapaalam ito ng Laguna Honda sa CDPH at CMS, kalakip na ang mga dahilan para sa na-update na timeline.

Ang sumusunod na mga pagtatasa ay kukompletuhin para sa lahat ng mga pasyente ng Laguna Honda bilang bahagi ng malawakang pagtatasa bago makatanggap ng abiso sa pagpalabas/paglipat at inilalaan ito bilang bahagi ng grupo ng mga impormasyon na ipapadala sa tatanggap na mga pasilidad:

Pagtatasang Medikal at Pangangalaga. Ang bawat pasyente ay patuloy na susuriin ng naatasan na doktor at lisensiyadong mga nars sa pasilidad para malaman ang medikal at pangangalaga na kailangan ng mga pasyente. Ang pagtatasa ay nilalakipan ng isang deskripsiyon ng anumang medikal/pangangalaga na kailangan o kaugnay na mga pag-uugali o mga hamon na magdudulot ng komplikasyon sa paglilipat. Kung angkop, kalakip din sa medikal na pagtatasa ang mga konsultasyon kasama ng mga espesyalista sa pag-aalaga, gaya ng paggamot sa mga karamdamang dulot ng hindi wastong paggamit ng gamot o droga, mental na kalusugan, at rehabilitasyon. Karagdagan pa, kalakip din sa medikal na pagtatasa ang pag-tingin sa mga pasyente para sa panganib na trauma sa paglilipat at mga referral sa aming mga grupo ng kalusugan sa pag-iisip sa loob ng proseso ng pagpalabas kung ito ay naangkop.

Panlipunang Pagtatasa. Ang bawat pasyente ay susuriin din ng mga social worker sa pasilidad para malaman ang espesipikong panlipunan na pangangailangan tulad ng mga suportang pampamilya at panlipunan na mga serbisyo o iba pang mga kahilingan ng programa, kalakip na ang mga nais gawin sa loob at labas ng pasilidad, mga interes, at iba pang mga pagnanais, na gagampanan na papel sa paghahanap ng angkop na paglalagyan. Bukod sa medikal na pagtatasa sa trauma sa paglipat, susuriin din ng mga social worker ang potensiyal na mga panganib at magbibigay ng sikolohikal na suporta

kung angkop itong gawin Bilang paglilinaw, ang potensiyal na tatanggap na mga pasilidad na may kakayahang mag-alaga sa mga pasyente ay isasama sa listahan ng mga pasilidad na isasaalang-alang para sa mga pasyente maliban kung may seryosong kontra-indikasyon.

Minimum Data Set (MDS) na Pagtatasa. Ipagpapatuloy ng pasilidad ang mga MDS na pagtatasa sa bawat pasyente para matukoy ang mga kakayahan sa pagkilos ng pasyente at mga pangangailangang pangkalusugan. Matutukoy ng pagtatasang ito ang mga komorbididad ng pasyente, ang pisikal, sikolohikal, at psychosocial na pagkilos bilang karagdagan sa anumang mga paggamot (hal., pangangalaga sa malapit ng pumanaw, oxygen therapy, dialysis) o kinakailangang mga therapy (hal., physical, occupational, speech, restorative na pangangalaga).

Isasaalang-alang ng Laguna Honda ang bawat pagtatasa na nakalista sa itaas sa panahon ng proseso ng paglikha ng mga rekomendasyon sa pagpalabas/paglipat para sa bawat pasyente gaya ng binalangkas sa ibaba. Kung pinili ng pasyente o ng Kinatawan ng pasyente na magsagawa ng paglipat bago makompleto ang mga pagtatasa, ipapaalam ng Laguna Honda sa pasyente o sa kinatawan ng pasyente, sa pamamagitan ng sulat, ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga pagtatasa at follow-up na konsultasyon.

Dahil sa maaaring pagkaantala ng paglipat, ang mga pagtatasa ay isasagawa kada 3 buwan (quarterly) mula sa patiunang petsa ng pagtatasa (ang bawat isa ay pagsuri-muli). Isasaalang-alang ng ganitong mga muling pagtatasa ang anumang mga pagbabago sa kondisyon o sa klinikal/ mga pangangailangan sa pangangalaga na maaaring makaapekto sa antas ng pangangalaga sa pasyente. Ang 3-buwan na panahon na mga muling pagtatasa ay magpapatuloy hanggang sa mailipat o mailabas ang pasyente sa Laguna Honda.

Pagkakategorya ng Pagpalabas/Paglalagyan. Batay sa proseso ng pagtatasa, ang mga pasyente ay itatalaga sa isa sa mga sumusunod na naaangkop na mga kategorya ng pagpalabas o paglipat, at ang lahat ng mga kategorya ay isasaalang-alang ng magkasabay para sa paglipat. Ang naatasang grupo ay maaaring palitan habang kinukompleto ng pasilidad ang malawakang mga pagtatasa at muling pagtatasa:

Grupo 1 (mga indibidwal na hindi nangangailangan ng natatanging residensiyal/inpatient na pangangalagang pangkalusugan o SNF na antas ng pangangalaga): palabasin nang walang natatanging pangangalaga ng pasilidad, kalakip ang pagpapauwi sa bahay o iba pang tuluyan o paglalagyan na may natatanging mga suporta ng komunidad kung kinakailangan;

Grupo 2 (mga indibidwal na nangangailangan ng mababang antas ng pangangalaga sa residensiyal na paglalagyan ngunit hindi ng SNF na antas ng pangangalaga): palabasin na mayroong mababang antas ng pangangalaga, gaya ng maliliit na pasilidad o mga residensiyal na mga suportang tirahan;

Grupo 3 (mga indibidwal na nangangailangan ng SNF na antas ng pangangalaga): ilipat sa pasilidad ng bihasang pangangalaga; at

Grupo 4 (mga indibidwal na nangangailangan ng mas masinsinang pangangalaga na lagpas pa sa SNF na antas): ilipat sa mas mataas na antas ng pangangalaga, gaya ng mga pasilidad para sa psychiatric na kalusugan.

Kung naangkop, magnonota ang Laguna Honda ng isang modifier na nagpapakita kung ang lilipatang pasilidad ay mayroong aasahang mga hamon batay sa espesipikong mga dahilan, na maaaring magkakaiba sa bawat pasyente, gaya ng pagkakaroon ng masalimuot na mga pangangailangang medikal (hal., kailangan ng tracheostomy tube o percutaneous endoscopic gastrostomy feeding tube (PEG tube) o kalusugan sa pag-iisip, karamdaman dahil sa hindi wastong paggamit ng gamot o pag-abuso sa droga, o iba pang mga pangangailangang panlipunan/pag-uugali). Ang Laguna Honda ay gagawa para masimulan ng maaga ang mga proseso para sa mga pasyente na mayroong mga hamon sa paglilipat upang magamit ng lubos ang mga opsiyon sa paglalagyan.

BAHAGI 3 – PATIUNA AT FOLLOW-UP NA MGA PAGPUPULONG SA PASYENTE AT PAMILYA

Ang Laguna Honda ay magsasagawa ng isang patiunang pagpupulong sa bawat pasyente at, kung naangkop, sa Kinatawan ng pasyente, na mayroong opsiyon para sa Ombudsperson na dumalo ayon sa kahilingan ng pasyente o Kinatawan. Ang mga ganitong pagpupulong ay magsisimula kung makompleto na ang indibidwal na malawakang mga pagtatasa sa pasyente na inilarawan sa itaas o gaganapin ng magkasabay sa proseso ng pagtatasa sa mga sitwasyon na ang pagsagawa nito ay naangkop o mas kapakipakinabang para sa pasyente, pagkatapos na ang Plano sa Pagsasara na ito ay naaprubahan na at ang pasyente o ang Kinatawan ng pasyente ay nakatanggap ng abiso sa Plano sa Pagsasara na ito. Ang mga patiunang pagpupulong ay magpapatuloy hanggang sa nakausap na ng Laguna Honda ang bawat pasyente (at Kinatawan, kung naangkop) sa Laguna Honda. Kung naangkop, i-iskedyul ang mga follow-up na pagpupulong para matiyak na naiintindihan ng bawat pasyente at Kinatawan ng pasyente ang proseso ng pagpapatigil at ng paglipat/pagpalabas, kalakip na ang opsiyon para sa Ombudsperson na dumalo ayon sa kahilingan ng pasyente o Kinatawan. Ang mga paglalagyan ay maaaring uunahin batay sa resulta ng ganitong mga pagpupulong. Dahil sa masalimuot na mga pangangailangan sa populasyon ng pasyente sa pasilidad at sa antas ng paghahanda at koordinasyon na hinihiling sa bawat pasyente, sa Kinatawan ng pasyente at sa grupo na nangangalaga sa pasyente, inaasahan ng Laguna Honda na magsagawa ng mga animnapung pagpupulong bawat linggo. Gagawin ang bawat pagsisikap na magkaroon ng mga pagpupulong bilang bahagi ng proseso ng pagtatasa o kaagad pagkatapos nito (hal., sa loob ng 2 linggo). Ang layunin ay makompleto ito sa katapusan ng Hulyo 2022.

Ang layunin ng patiunang pagpupulong ay para mabigyan ng impormasyon ang pasyente at/o Kinatawan tungkol sa proseso ng pagsasara at para kumolekta ng mga detalye na may kaugnayan sa bawat pasyente tungkol sa desisyon ng paglipat/pagpalabas. Ang pagpupulong ay ipapaalam sa berbal na paraan o sa pamamagitan ng sulat sa bawat pasyente at/o pamilya/responsableng partido sa indibidwal na batayan. Karagdagan pa, isasagawa ang mga pagpupulong sa

pamamagitan ng telepono o video para sa mga interesadong makibahagi na nasa ibang lokasyon. Sa panahon ng pagpupulong o kabaligtaran nito, ang pasyente at/o Kinatawan ng pasyente, kung naangkop, ay kakapanayamin para malaman ang mga layunin, pagnanais, at pangangailangan ng bawat pasyente para sa mga serbisyo, lokasyon, at kalagayan ng lilipatan nila.

Ang pasilidad ay: magtatalakay ng mga opsiyon sa pagpalabas at paglipat, kalakip ang kalagayan o uri ng pasilidad at heograpikong lokasyon; maglalaan ng impormasyon o kukuha ng impormasyon kaugnay sa kalidad ng mga provider at/o serbisyo na isinasaalang-alang ng pasyente; maglalaan kung kinakailangan ng mga serbisyong sikolohikal o pagpapayo sa bawat pasyente; at magsasagawa ng makatwirang mga pagsisikap para matugunan ang mga layunin, pagnanais at mga pangangailangan ng bawat pasyente may kaugnayan sa mga serbisyo, lokasyon at kalagayan. Mag-i-iskedyul kung minsan ng mga pagpupulong sa pamamagitan ng telepono o sa virtual na paraan para makatugon sa availability ng mga miyembro ng pamilya. Ang pakikibahagi ng pamilya at mga tagapagbantay ay importante para matiyak na maging matagumpay ang paglilipat sa pasyente at para matiyak na napoprotektahan ang karapatan ng pasyente bilang pagsunod sa 42 C.F.R. section 483.10.

Para matamo ang kabuuang layunin ng pagtulong sa mga pasyente sa kanilang paglipat sa bagong lokasyon, pananatilihin ng pasilidad ang proseso ng paglipat na nakapokus sa pasyente. Maglalaan ang pasilidad ng mga serbisyo gaya ng panlipunan na mga serbisyo at psychiatric na suporta para mapababa ang tensiyon sa pasyente at/o Kinatawan. Ang layunin ng ganitong mga pangsuportang serbisyo ay para mapanatiling nakatutok sa pinakamabuti at positibong mga kalalabasan para sa mga pasyente sa kabuuan ng proseso. Ang kawani ng Laguna Honda, kasama ang social worker at doktor, kung kinakailangan, ay haharap ng patiuna at regular sa mga pasyente at sa kanilang pamilya/legal na kinatawan para matugunan ang mga ikinababahala at/o mabigyang-linaw ang mga impormasyon na may kaugnayan sa proseso ng pagsasara.

Gagamitin ng Laguna Honda ang modelo na ipinapakita sa Figure 1 sa ibaba na may kaugnayan sa kabuuang proseso ng pagpupulong sa mga pasyente at mga Kinatawan, kalakip ang pagkokolekta ng impormasyon sa panahong ito at sa pamamagitan ng pagpapalabas ng desisyon sa paglalagyan gaya ng inilalarawan sa Bahagi 5, sa ibaba. Karagdagan pa, gagamitin ng Laguna Honda ang proseso ng pagtatasa na binalangkas sa Plano sa Pagsasara na ito para mapababa ang potensiyal na trauma sa paglipat sa bawat pasyente, at ang mga pasyenteng nasuri na may mataas na panganib ng ganitong trauma ay paglalaanan ng karagdagang suporta sa kalusugan ng pag-iisip para mapababa ang panganib.




Fig. 1. Proseso ng Laguna Honda sa Pagsasara na Nakatutok sa Pasyente.

BAHAGI 4 - IDENTIPIKASYON NG MGA KAMA AT PAGTUGMA SA MGA PASYENTE

Batay sa patiunang mga repaso ng Laguna Honda sa mga tsart ng pasyente at sa mga talakayan sa mga nars ng yunit, mga 20% ng kasalukuyang mga pasyente ang nakatugon sa pamantayan ng antas pangangalaga ng SNF, pero puwede silang ilipat sa bahay, may mas mababang antas ng pangangalaga, o iba pang paglalagyan na may angkop na mga serbisyong pangkomunidad, na maaaring kalakip dito ang mga suporta na may iilang antas ng pangangalaga.

Ang Laguna Honda ay aktibong makikipagtulungan sa DHCS, CDPH, at sa Medical and Health Operational Area Coordinator upang tukuyin ang mga kama na puwedeng gamitin at sertipikado ng Medi-Cal sa buong estado. Kokontakin din ng Laguna Honda ang bawat SNF sa indibidwal na batayan para matukoy ang mga kama na maaaring gamitin sa kasalukuyan. Sa panahon ng pagsulong ng Plano sa Pagsasara na ito, magsasagawa ang Laguna Honda ng patiunang survey para masuri kung puwedeng gamitin ang ibat-ibang uri ng mga kama sa San Francisco at kalapit na lugar sa palibot ng Bay Area. Bilang bahagi ng survey na ito, natawagan ng mga kawani ng Laguna Honda ang humigit-kumulang 60 na SNFs. (Tingnan ang Figure 2 sa ibaba) Natukoy at natawagan ng mga kawani ng Laguna Honda ang kabuuang 16 na SNFs sa San Francisco na may kabuuang 1,228 na kama. Sa 16 na mga SNF na pasilidad, humigit-kumulang na 16 kama ang puwedeng gamitin. Kasama sa pagtatasa sa pasilidad ang pagtukoy sa kabuuang bilang ng mga kama na puwedeng gamitin at sertipikado ng Medi-Cal dahil ito ang nagbabayad para sa mahigit 90% (658) ng mga pasyente ng Laguna Honda.

Sa kasalukuyan, natawagan ng mga kawani ng Laguna Honda ang 40 na SNFs sa mga nakapalibot na county para makatulong sa pagtukoy sa mga pasilidad sa loob ng kanilang county na maaaring tumanggap ng mga pasyente mula sa Laguna Honda, at nitong May 2, 2022, natukoy ng mga kawani ng Laguna Honda ang kabuuang 32 na mga kama na puwedeng gamitin. Sa 32 na mga kamang ito, ang mga pasyente ng Laguna Honda ay kailangan lamang makatugon sa pamantayan sa paglalagyan na 3 hanggang 6 sa mga kama na iyon dahil tatlo lamang ang regular na mga SNF na kama at 29 ay para sa psychiatric SNFs, at dalawa lamang o tatlo sa mga pasyente namin ang maaring kuwalipikado.

Sa panahon ng prosesong ito, nakatagpo ang mga kawani ng Laguna Honda ng iilang mga hadlang sa pagkuha ng datos na ito, kalakip ang mga sumusunod: 1) ang mga kawani ng pasilidad ay hindi handang magbahagi ng dami ng kama na puwedeng gamitin o ng impormasyon tungkol sa uri ng mga kama, 2) ang mga kawani ng pasilidad ay hindi tumutugon o tumatawag muli sa aming mga tawag at mga mensahe, at 3) ang dami ng mga kama na sertipikado ng Medi-Cal ay mababa o hindi alam.

Natukoy ng mga kawani ng Laguna Honda ang kabuuang 132 mga SNF na pasilidad sa San Francisco Bay Area sa pamamagitan ng mga website ng CMS at California Health and Human Services (CHHS) na may kabuuang 11,248 na mga kama. Tatawagan ng mga kawani ng Laguna Honda ang mga pasilidad na ito sa susunod na dalawang buwan at sa kabuan ng proseso ng pagsasara upang tukuyin ang kabuuang dami ng mga kama na sertipikado ng Medi-Cal na puwedeng gamitin ng mga lilipat na pasyente ng Laguna Honda. Hihilingin din ng Laguna Honda ang CDPH, DHCS, at iba pang tulong ng angkop na ahensiya ng estado o pederal sa paghahanap ng naangkop na destinasyon ng paglipat para sa mga pasyente. Ang mga kawani ng Laguna Honda ay patiunang magsasagawa at magpapanatili ng komunikasyon sa mga ito, at sa lahat ng angkop na mga pasilidad sa kabuuang panahon na ipinakita sa Plano sa Pagsasara na ito. Para sa mga pasyente na may mga Kinatawan sa labas ng San Francisco Bay Area, maghahanap ang mga kawani ng Laguna Honda ng angkop na mga pasilidad sa lugar na iyon. Palalawakin ng Laguna Honda ang pagtukoy sa angkop na mga paglalagyan habang haharapin ng pasilidad ang mga pasyente at pag-aaralan ang kanilang mga pagnanais.

Karagdagan pa, natukoy ng mga kawani ng Laguna Honda ang mga walang kasanayang mga pasilidad sa pangangalaga para sa mga pasyente na puwedeng ilipat sa mas mababang mga antas ng pangangalaga kalakip ang angkop na antas ng suportang pangkomunidad at pangangalaga. Sa loob ng San Francisco, natukoy ng Laguna Honda ang mga 240 kama; subalit, dahil sa masalimuot na pangangailangan ng pangangalaga at dalawahang diyagnosis ng mga pasyente ng Laguna Honda, inaasahan na karamihan sa mga pasyente ng Laguna Honda ay hindi nakakatugon sa pamantayan para sa mga kamang ito. Halimbawa, mula sa patiunang repaso na nakompleto ng pasilidad hanggang Abril 27, 2022, 42 pasyente ang maaaring ilipat sa bahay o pababain ang antas ng pangangalaga, pero mangangailangan ng mataas na mga antas ng mga serbisyong pangkomunidad at pangangalaga. Ang mga pangangailangan ng mga pasyente ay hindi patuloy na matutugunan sa mga lugar gaya ng maliliit na pasilidad, o mga residensiyal na hotel. Ang mga pasyenteng ito ay nangangailangan ng malawakang tulong mula sa mga propesyonal na care-giver sa loob ng 8 oras sa isang araw o higit pa.

Ang impormasyong ito ay i-a-update pagkatapos isagawa ng Laguna Honda ang mas masinsinang pagsuri batay sa mga pangangailangan ng espesipikong populasyon ng pasyente at patuloy itong babaguhin sa panahon ng proseso ng pagsasara para makatulong sa pagpalabas at paglipat. Ipapaalam ng pasilidad sa mga pasilidad na may pangmatagalang pag-aalaga, mga ahensiya ng mga programa sa paggamot at mga serbisyo ang nalalapit na pagsasara at ang pangangailagan para sa mga kama, paglalagyan, at mga serbisyo simula sa Mayo 18, 2022.

Batay sa nakolektang impormasyon sa Bahagi 2 at 3, rerepasuhin at susuriin ng pasilidad ang antas ng pangangalaga sa bawat pasyente, mga pangangailagan, at mga pagnanais para matukoy ang potensiyal na (mga) opsiyon sa pagpalabas at paglipat. Para sa pangkomunidad na pagpalabas at paglipat, ang Laguna Honda ay makikipagtulungan sa mga serbisyo at programang pangkomunidad na inilalaan ng Lungsod at County ng San Francisco at ng mga katulong sa komunidad upang lalong masuportahan ang paglipat at mga pangangailangan sa pangangalaga ng pasyente. Ire-refer din ng Laguna Honda ang mga pasyenteng nakaabot sa espesipikong mga pamantayan sa mga pasilidad at mga serbisyo ng mga programa sa paggamot (hal., mga pasilidad na gumagamot sa mga karamdamang may kaugnayan sa hindi wastong paggamit ng gamot o pag-abuso sa droga). Kung ang pasyente ay may espesyal na pangangailangan na kailangang ibigay, may iba pang konsiderasyon sa pamilya, o walang nakitang kama sa loob ng 15 milyang radius, maghahanap ang mga kawani ng Laguna Honda sa ibang mga county.

Dahil sa malaking bilang ng mga pasyente ng Laguna Honda na ang karamihan ay may masalimuot na pangangailagan, inaasahan ng Laguna Honda na ang paglalagyan ay kailangang nasa labas ng San Francisco Bay Area, kasama ang Northern California, Central Valley, Southern California, at marahil sa iba pang mga estado. Ang mga paglipat sa ibang estado ay humihiling ng karagdagang oras dahil ang mga benepisyong Medicare at Medicaid ng bawat pasyente ay ililipat sa tatanggap na estado.

Sa kasalukuyan, may mga 4000 pasilidad na may pangmatagalang pangangalaga, kalakip ang SNFs, sa California. Pinaplano ng Laguna Honda na tawagan ang humigit-kumulang 80 pasilidad bawat araw sa loob ng susunod na 50 araw para makakuha ng batayan sa dami ng kabuuan at kasalukuyang mga kama na puwedeng gamitin na sertipikado ng Medi-Cal sa bawat antas ng pangangalaga. At gaya ng binanggit sa itaas, aktibong makikipagtulungan ang Laguna Honda sa mga DHCS, CDPH, at sa Medical and Health Operational Area Coordinator upang tukuyin ang mga kama na puwedeng gamitin at sertipikado ng Medi-Cal sa buong estado.

Uri ng Kama	Mayroon sa San Francisco**	Merong sa Loob ng SF Bay Area (Mga county ng San Mateo, Santa Clara, Alameda, Contra Costa, Marin, at Solano)
SNF	Kabuuan: 1228 Puwedeng Gamitin: 16	Kabuuan: pinoproseso* Puwedeng gamitin: 3 (Alameda)
RCFE	Kabuuan: pinoproseso na Puwedeng Gamitin: 45	Kabuuan: 545 Puwedeng gamitin: 0
Residensiyal na Sumusuporta sa	Kabuuan: 126 Puwedeng gamitin: 13	Kabuuan: pinoproseso* Puwedeng Gamitin: 0

Pabahay		
Residensiyal kung saan Ginagamot ang Paggamit ng Gamot/Droga	Kabuuan: 277 Puwedeng gamitin: 81	Kabuuan: pinoproceso* Puwedeng Gamitin: pinoproceso*
SNF na may mga serbisyo para sa mental na kalusugan	Kabuuan: 23 Puwedeng gamitin: 0	Kabuuan: 162 Puwedeng gamitin: 29 (Santa Clara at Solano)
Komunidad Pahingahan, Tuluyan, Maliliit na Pasilidad sa Pangangalaga	Kabuuan: 119 Puwedeng gamitin: 11 pahingahang pasilidad sa kalusugan sa pag-iisip, 4 medikal na pahingahang pasilidad, 4 tuluyan	Kabuuan: pinoproceso* Puwedeng Gamitin: pinoproceso*

Fig. 2. Impormasyon tungkol sa mga kama na puwedeng gamitin ayon sa uri ng pasilidad hanggang Mayo 6, 2022.

*Kumokolekta pa rin ng kabuuang listahan ng mga pasilidad na nakaaabot sa categoryang ito.

** Ang datos na ito ay nakuha sa pamamagitan ng internal SFDPH na mga database at mga tawag sa ibat-ibang mga programa.

Sa sandaling mahanap na ng mga kama na puwedeng gamitin, itutugma ng mga kawani ng Laguna Honda ang mga kama na puwedeng gamitin sa mga pasyente para maisaayos ang pinakamagandang akomodasyon na isinasaalang-alang ang lokasyon, mga serbisyo, at psychosocial na mga pangangailagan. Bibigyan ng pagkakataon ang pasyente o Kinatawan ng pasyente na makibahagi sa prosesong ito at bisitahin ang iminumungkahing pasilidad para malaman kung angkop ba ito. Dahil sa malaking bilang ng mga pasyente ng Laguna Honda at malawakang lokasyon, hindi magiging posible sa bawat sitwasyon na maisagawa ang personal na pagbisita sa iminumungkahing lokasyon. Sisikapin ng Laguna Honda na magsagawa ng mga virtual tour kung ang iminumungkahing lokasyon ay puwedeng ipakita sa ganitong opsiyon.

Tutukuyin at kokontakin ng Laguna Honda ang angkop na mga serbisyong pangtransportasyon na gagamitin ng pasilidad sa paglipat sa mga pasyente at aalamin kung ang serbisyo ay may kakayahang humawak sa inaasahang dami at yugto ng paglipat/pagpalabas. Maglalaan ang Laguna Honda ng angkop na kaayusan sa transportasyon para sa bawat pasyente.

Kung matukoy na ang paglalagyan, ipapaalam ng Laguna Honda sa pasyente at Kinatawan sa pamamagitan ng sulat ang iminumungkahing pagpalabas o paglipat at ang karapatan ng pasyente na umapela sa iminumungkahing paglipat/pagpalabas. (**Tingnan ang Inilakip na Dokumento 4, Abiso Tungkol sa Karapatang Umapela**). Ang abiso ay nilalakipan ng lahat ng impormasyon na hinihiling ng 42 C.F.R. Section 483.15(c)(5) at California Health and Safety Code Section 1336.2. Ang bawat pasyente ay bibigyan ng Abiso Tungkol sa Iminumungkahing Paglipat/Pagpalabas pagkatapos makumpleto ang pagtatasa sa pasyente na nagkukompirma sa iminumungkahing petsa ng paglipat, kung saan sa bawat pagkakataon may hindi kukulangin 60 araw mula sa patiuang abiso sa pagsasara sa pasilidad, maliban sa mga sitwasyon kung saan ang kalagayan ng pasyente ay magiging mapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng pasyente o ng iba

pang mga indibidwal sa Laguna Honda, sa ganitong sitwasyon ang abiso sa paglipat/pagpalabas ay maaaring ibigay na hindi lalagpas sa 60 araw ng patiuna, pero gagawin lamang pagkatapos ng pagkikipagtalakayan at pag-apruba ng CDPH. Bibigyan din ng kopya ng iminumungkahing pagpalabas o paglipat ang opisina ng lokal na Ombudsperson.

BAHAGI 5 – PAGDINIG TUNGKOL SA APELA SA PAGPALABAS/PAGLIPAT

Ipapaalam at makikipagtulungan ang Laguna Honda sa DHCS tungkol sa nalalapit na Plano sa Pagsasara. Ipapaalam ng Laguna Honda sa DHCS na ang bawat pasyente ay ilalabas o ililipat sa komunidad na may mga serbisyo o sa ibang may pasilidad ng bihasang pangangalaga para maipagpatuloy ang may kasanayang pangangalaga. Hihilingin din ng Laguna Honda ang tulong ng DHCS sa paghahanap ng angkop na destinasyon sa pagpalabas ng mga pasyente. Ang bawat pasyente ay may karapatang umapela sa paglipat o pagpalabas at ang Laguna Honda ay susunod sa proseso ng Pagdinig Tungkol sa Pagpalabas at sa mga kahilingan sa bawat apela. Ipapakita sa abiso sa pasyente na ang apela ay hindi magresulta sa pagpapanumbalik ng mga benepisyo o coverage ng kanilang pagtira.

Kung ang pasyente ay nagdesisyong umapela sa pagpalabas sa Laguna Honda, ang Laguna Honda ay hindi magpapalabas ng pasyente habang nakabinbin ang apela, maliban na lang kung ang pagpapalabas o paglipat ay magiging mapanganib sa kalusugan at kaligtasang ng mga pasyente o iba pang indibidwal. Ang Laguna Honda ay maglalaan ng medikal na mga rekord sa DHCS at sa pasyente at/o Kinatawan. Ang Laguna Honda ay makatatanggap ng petsa ng pagdinig na karaniwang mga 14 araw pagkatapos ng apela ng pasyente. Ang pasyente ay maaaring magdesisyon na boluntaryong lumabas at makahihiling ng tulong sa mga pinaplanong kaayusan sa pagpalabas mula sa Laguna Honda. Kung ang pasyente ang boluntaryong lumabas sa Laguna Honda, ang Laguna Honda ang responsable sa pagbibigay ng abiso sa CDPH Office of Regulations and Hearings at sa lokal na Licensing and Certification Office.

Ang Estado ng California ay magpapalabas ng Desisyon at Kaayusan ng humigit-kumulang 14 araw pagkatapos ng pagdinig at ang Laguna Honda ay susunod sa ipinalabas na direksyon na nilalaman ng utos. Ang bawat indibidwal na apela ay makukompleto ng humigit-kumulang 30 araw, at batay sa sitwasyon na ang Laguna Honda ay maghahanap ng paglalagyan sa labas ng San Francisco Bay Area, inaasahan ng pasilidad na ang ilan sa mga pasyente ay mag-aapela sa kanilang lugar na lilipatan.

BAHAGI 6 - PAGPAPATIGIL SA PAGTANGGAP NG PASYENTE

Sususpendihin ng Laguna Honda ang lahat ng mga bagong pagtanggap sa Abril 14, 2022. Ang pagpapatigil na ito ay hindi gagamitin sa mga pasyente ng pasilidad na naospital dahil nangangailangan ng mas masinsinang pangangalaga sa isang pasilidad at nagnanais na bumalik sa Laguna Honda at inaasahang makabalik ng ligtas sa Laguna Honda bago ang inaasahang petsa ng pagsara. Kung ang pasyente ay naospital at nakabalik sa Laguna Honda, ipagpapatuloy ng Laguna Honda ang pagpapalabas at pagsasaayos ng pagpalabas ng pasyente sa isang angkop na lokasyon.

Inilakip ng Laguna Honda ang kasalukuyang sensus ng pasyente nitong Mayo 6, 2022 bilang bahagi ng Plano sa Pagsasara na ito. (**Tingnan ang Inilakip na Dokumento 5, Sensus ng Pasyente**). Kasama sa sensus ang impormasyon tungkol sa pagpapaospital ng pasyente pero inaasahang bumalik sa Laguna Honda bago ang Petsa ng Pagsasara.

Dahil sa HIPAA at iba pang mga batas at mga alituntunin ng Estado ukol sa medical privacy, ang talaan ng pasyente ay ibabahagi ng hiwalay, direkta sa CMS at CDPH.

BAHAGI 7 – PAGLIPAT AT PAGPALABAS SA PASYENTE

Pinaplano ng Laguna Honda na palabasin o ilipat ang lahat ng pasyente sa inaasahang petsa ng pagsasara. Ang Laguna Honda ay magbibigay ng mga update sa CDPH tungkol sa kabuuang bilang ng mga pagpalabas at ng natitirang sensus ng pasyente. Ang bawat pasyente o Kinatawan ay bibigyan ng abiso na naglalaman ng inaasahang petsa ng pagpalabas, ng hindi kukulangin sa 60 araw pagkatapos maibigay sa mga pasyente ang patiunang abiso tungkol sa pagsasara ng pasilidad. Ang mga pasyente at/o Kinatawan na umapela sa pagpalabas o paglipat ay hihilingan ng pag-apruba ng DHCS Office of Administrative Hearing and Appeals bago sila palabasin o ilipat.

Ang mga pasyente ay ililipat sa tatanggap na mga pasilidad o ilalabas patungo sa mga komunidad sa maayos na paraan. Para sa pangkomunidad na pagpalabas, maglalaan ang Laguna Honda sa mga pasyente at/o Kinatawan ng edukasyon sa pagpalabas at/o pagsasanay (hal., paggamit ng mga equipment at paraan ng paggamot, pagsasaayos ng follow up sa pangunahing care provider at mga appointment sa serbisyo, at paglalaan ng medikasyon at kinakailangang equipment at supply na gagamitin sa loob ng 30 araw).

Kung kinakailangan, maglalaan ang Laguna Honda ng angkop na sikolohikal na paghahanda at pagpapayo sa bawat pasyente para mapababa ang epekto at trauma ng pagsasara sa mga pasyente at maisaayos ang pakikibagay ng pasyente sa kanilang bagong lokasyon.

Kaugnay sa paglipat ng pasyente sa ibang pasilidad, ang sumusunod na mga hakbang ay gagawin para sa bawat pasyente:

Mga Medikal na rekord. Sa minimum, kukompletuhin ng Laguna Honda ang buod ng pagpalabas sa pasyente. Lilikha ang Honda's Medical Information Systems Department ng elektronikong file ng medikal na mga rekord na ibibigay sa bagong pasilidad. Ang karagdagang legal na mga dokumento gaya ng kung sino ang tagapag-alaga, Power of Attorney (kung naangkop), at nauna nang naitakdang kautusan o advance directive (kung mayroon) ay ilalakip. Ang huling tatlong buwan ng medikal na rekord ng bawat pasyente ay ililipat ng patiuna sa bagong pasilidad, at susundan ng mas kompletong rekord sa loob ng makatwirang haba ng panahon. Karagdagan pa, kukompletuhin at matagumpay na ililipat ng Laguna Honda ang MDS na mga dokumento para sa lahat ng mga pasyente kalakip ang huling mga pagtatasa ng pagpapalabas bago ang paglipat. Ang MDS na mga rekord, kalakip ang nakatagong mga file, ay ililipat kasama ng bawat pasyente sa kanilang bagong paglalagyan.

Mga gamot. Kung ang pasyente ay inilabas patungo sa isang pangkomunidad na kalalagyan (hal. bahay o maliliit na pasilidad), ang pasyente ay ilalabas kasama ang supply at mga gamot na tatagal hanggang 30 araw, kung ito ay klinikal na naangkop. Para sa mga pagpapalabas o paglilipat patungo sa mga SNFs o ibang pasilidad na paglalagyan, ang Laguna Honda ay maglalaan sa bagong pasilidad ng supply at gamot na tatagal ng hanggang 14 araw. Ang anumang mga gamot na hindi nailipat kasama ng pasyente ay sisirain alinsunod sa lahat ng naangkop na mga batas at mga alituntunin at naangkop na mga rekord na naingatan tungkol sa pagsira na ito. Ang mga rekord na ito ay rerepasuhin ng CMS at/o ng CDPH sa kanilang pagbisita para sa pagsasara sa Laguna Honda. Kung ang pagbisita para sa pagsasara ay hindi naisagawa, ang Laguna Honda ay magpapadala ng nakasulat na report sa CMS at/o CDPH tungkol sa mga gamot na nailipat at sinira at pananagutan nila ang lahat ng mga gamot na naingatan dati ng Laguna Honda.

Mga Gamit ng Pasyente. Ililista ng isa isa ng Laguna Honda ang lahat ng personal na kagamitan ng pasyente bago ang paglipat sa bagong pasilidad. Ang personal na mga gamit ng pasyente (hal., damit, mga kasangkapan, at iba pa.) ay babalutin at ililipat ng Laguna Honda kasama ang pasyente. Ang personal na mga gamit ng pasyente ay maaaring ilipat ng mga miyembro ng pamilya kung ganito ang nais gawin ng pasyente at ng pamilya.

Mga Pondo ng Pasyente. Isasaayos ng Laguna Honda ang mga pondo ng pasyente na mailipat sa bagong pasilidad para matiyak ang pagpapatuloy at ang pag-a-account sa pondo ng pasyente kung naangkop.

Impormasyon Tungkol sa Social Security. Kukompletuhin at imi-mail ng Laguna Honda, bilang kinatawan ng bawat nailipat na pasyente, ang pagbabago ng address sa Social Security batay sa mga kahilingang pederal ng Social Security Administration.

Transportasyon. Ang Laguna Honda ay makikipagtulungan sa mga pasyente at mga Kinatawan para matukoy ang pinakanaangkop na paraan ng transportasyon para sa bawat pasyente upang makarating sila ng ligtas sa kanilang lilipatan. Kasama sa mga paraang ito, ngunit hindi limitado sa, ay ang mga sumusunod: ambulansya; mga transport van; mga serbisyong komersyal; iba pang mga nakakontratang serbisyo sa transportasyon; at transportasyon ng pamilya o iba pang Kinatawan.

BAHAGI 8 – PAGPAPATUPAD AT KOORDINASYON

Repaso sa Antas ng Pangangalaga sa Pasyente. Ang Laguna Honda ay nagsagawa ng patiuang repaso sa lahat ng mga pasyente sa kasalukuyan para tantyahin ang kanilang kasalukuyang antas ng pangangailangan sa pangangalaga noong Abril 27, 2022. Batay sa kasalukuyang sensus, 20% ang nakaabot sa SNF na pamantayan sa kustodyal na pangangalaga pero maaaring mailagay sa mga pasilidad na may mas mababang antas ng pag-aalaga kung ang paglalagyan ay natukoy na nakaabot sa iba pang pangangailagan ng pasyente (gaya ng access sa wheelchair o iba pang mga kahilingan sa access) na makapagbibigay ng angkop na mga serbisyong pangkomunidad o pag-aalaga.

Proseso ng Paglipat at Pagpalabas. Pinaplano ng Laguna Honda na ilabas o ilipat ang lahat ng mga pasyente sa inaasahang petsa ng pagsasara na Setyembre 13, 2022, makipagtulungan sa DHCS para sa mga Medi-Cal na pasyente na humihiling ng covered healthcare, lokal na mga ahensiya para sa magsasarang mga pasilidad, at sa ombudsperson at iba pang mga mapagkukunan na puwedeng gamitin. Ang Laguna Honda ay mag-a-update araw-araw sa CDPH tungkol sa kabuuang bilang ng mga pinapalabas at ng natitirang sensus ng pasyente. **(Tingnan ang Inilakip na Dokumentong 6, Timeline ng Pagsasara sa Pasilidad ng LHH).**

Pagtutugma sa mga Pasyente sa mga Kama na Puwedeng Gamitin. Gaya ng binanggit sa itaas, ang mga hakbang na nakalista sa Plano sa Pagsasara na ito ay mangyayari ng magkasabay, kaya sisimulan kaagad ang pagtutugma sa mga pasyente sa mga paglalagyan kung nakompleto na ang indibidwal na mga pagtatasa sa kanila. Kung matukoy na ng Laguna Honda ang mga lokasyon na mayroong mga kama o paglalagyan, susuriin at itutugma ng Laguna Honda ang mga pasyente ng magkasabay para sa lahat ng Grupo na nakalista sa Pagtatasa sa Pasyente na seksiyon sa itaas para magamit agad ang mga kama kung puwede na itong gamitin.

Ang mga lokasyon na paglilipatan para sa mga Grupo na natukoy sa panahon ng pagtatasa ay nilalakipan ng:

- Grupo 1 Mga Lokasyon ng Paglilipatan:
 - 1a: Malayang Pamumuhay/Residensiyal/Kooperatibang Pamumuhay
 - 1b: Pahingahan (Medikal o Kalusugang Pag-uugali)
 - 1c: Hotel na walang natatanging mga suportang serbisyo
 - 1d: Iba pang mga paglalagyan na may mga angkop na serbisyo
- Grupo 2 Mga Lokasyon ng Paglilipatan:
 - 2a: Hotel o Tuluyan na mayroong mga suportang serbisyo
 - 2b: Maliliit na Pasilidad (Residensiyal na Pasilidad Para sa Pangangalaga sa mga Matatanda at Pasilidad Para sa mga Taong nasa hustong gulang)
 - 2c: Maliliit na Pasilidad na may naantalang pagpalabas
 - 2d: Mga pasilidad sa Residensiyal na Paggamot (mayroong mga programa sa paggamot sa mga karamdamang pang-asal at hindi wastong paggamit ng gamot o pag-abuso sa droga)
- Grupo 3 Mga Lokasyon ng Paglilipatan:
 - 3a: May Kasanayang Pasilidad sa Pangangalaga
 - 3b: Pasilidad ng Hospisyo
- Grupo 4 Mga Lokasyon ng Paglilipatan:
 - 4a: Locked Subacute Treatment (LSAT)
 - 4b: Pasilidad ng Bihasang Pangangalaga ng Psychiatric
 - 4c: State Psychiatric Hospital

Ipapaalam ng Laguna Honda sa CMS at CDPH, sa pamamagitan ng sulat, ang iminumungkahing pagbabago sa Plano sa Pagsasara at papa-aprubahan ang mga pagbabago bago ng pagsasabisa nito.

Pagtatago ng mga Rekord. May kinalaman sa mga rekord na hindi nailipat kasama ng mga pasyente o ang mga rekord na tapos na/nakatago, maglalaan ang Laguna Honda ng storage para

sa mga rekord na ito sa loob ng 10 taon simula sa petsa ng pagsasara gaya ng mga sumusunod:

Records Storage Site: Electronic Health Records system (EHR), EPIC.

Ang mga rekord na papel ay itatago sa mismong lugar ng Laguna Honda o iingat sa multiple external, HIPAA-compliant na mga pasilidad na aprubado ng Department of Health Services, Licensing and Certification Division.

Address ng Kalye: 375 Laguna Honda Blvd
San Francisco, CA 94116

Ang mga rekord ay maaaring ma-access sa pamamagitan ng pagkontak sa indibidwal sa ibaba:

Indibidwal na Kokontakin: Diane Premeau, Director of Health Information Services
1001 Potrero Avenue
San Francisco, CA 94110

Numero ng Telepono: (628) 206-6274

Mga Report ng Pasilidad sa CMS at CDPH. Patuloy na ipapaalam ng Laguna Honda sa CMS at CDPH ang pagsulong ng pagsasara sa bawat araw. Bilang bahagi ng patuloy na pagpapaalam sa mga nagpapatupad ng batas, ang Laguna Honda ay magsusumite ng mga report kada linggo, at kaagad na magsisimula pagkatapos ng pag-apruba ng CMS sa Plano sa Pagsasara na ito, kung saan ididetalye ang katayuan ng pagpalabas o paglipat ng bawat pasyente. Isasama din sa report ang impormasyon tungkol sa antas ng paglalagay ng mga kawani (kalakip ang pangangalaga sa pasyente, dietary, at janitorial staff) at kung may magagamit na mga supply at kakayanan. **(Tingnan ang Inilakip na Dokumento 5, Sensus ng Pasyente).**

Pagmomonitor at mga Pagbisita Para sa Pagsasara. Kinikilala ng Laguna Honda na ang CMS at CDPH ay maaaring magsagawa ng mga pagbisita at pinal na pagbisita para sa pagsasara ayon sa pagpapasya ng CMS at/o CDPH at sumasang-ayon na makikipagtulungan sila nang lubusan.

Pinal na Pagbisita Para sa Pagsasara. Magsusumite ang Laguna Honda ng panghuling ulat tungkol sa pagsasara at panghuling talaan ng mga pasyente na dinidetalye kung saan ililipat ang lahat ng mga pasyente sa panahon na ang pinakahuling pasyente ay nailipat na o nailabas. Bilang paghahanda sa panghuling pagbisita para sa pagsasara, magbibigay ang Laguna Honda ng: (1) listahan ng lahat ng mga pasyente na nailipat, mga pasilidad na nilipatan nila, at ang mga gamot na kasama sa paglipat nila, kung naangkop; (2) mga rekord ng pagdi-dispose ng gamot, kung naaangkop; (3) mga rekord ng accounting ng pondo ng pasyente, kung naangkop; (4) pagpapatunay ng matagumpay na paglilipat ng mga MDS na dokumento; (4) lokasyon kung saan itatago ang mga rekord kasama ang pangalan, address at numero ng telepono ng indibidwal na may pananagutan sa pag-iingat sa mga rekord na iyon.

BAHAGI 9 - ADMINISTRADOR AT GRUPO NG PAGSASARA SA PASILIDAD: MGA TUNGKULIN AT MGA RESPONSABILIDAD

Administrador: Mga Tungkulin at mga Responsibilidad.

Administrador sa Pagsasara sa Pasilidad – May pananagutan sa pagpapatakbo sa pasilidad, at ang lupong tagapamahala ay mananatiling may pananagutan sa pangangasiwa sa pagpapatakbo sa pasilidad.

Ayon sa mga alituntuning estado at pederal, pananagutan ng administrador na magsumite ng nakasulat na abiso sa pagsasara at plano sa paglilipat sa CDPH, State LTC Ombudsperson, mga pasyente ng pasilidad, at sa mga Kinatawan ng mga pasyenteng iyon. Karagdagan pa, titiyakin ng administrador na ang pasilidad ay hindi na tatanggap ng mga bagong pasyente sa Abril 14, 2022 o pagkatapos nito at ang lahat ng pasyente ay ilalabas o ililipat patungo sa mga kalalagyang nakabatay sa kalidad, mga serbisyo, at lokasyon, na isinasaalang-alang ang mga pangangailangan, kagustuhan at mga interes ng bawat pasyente sa ikabubuti nito. (**Tingnan ang Inilakip na Dokumento 7, Patakarang sa Pagsasara sa Pasilidad ng LHH**).

Koordineytor sa Pagsasara sa Pasilidad – Nangangasiwa sa walong aspekto ng mga gawain sa Plano sa Pagsasara. Karagdagan pa, titiyakin ng koordineytor na ang mga hakbang at mga gawain na ipinakita ay naipatupad at naipatakbo. Irereport ng koordineytor sa Administrador sa Pagsasara sa Pasilidad ang tungkol sa katayuan at pagsulong ng Plano sa Pagsasara.

Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad: Mga Tungkulin at mga Responsibilidad.

Grupo ng Administrasyon ng Pasilidad – Maglilingkod bilang nangunguna at miyembro ng mga kawani na may pananagutan sa pagpapatakbo, pagpapatupad, at pagmomonitor sa bawat gawain at mga timeline at deadline sa pagkukompleto; kalakip ang Mga Serbisyong Medikal, Mga Serbisyong Pangangalaga, Pangangasiwa sa Kalidad, at Pagpapatakbo ng mga Pangsuportang Serbisyo. Maglalaan ng gabay at pagtuturo sa Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad tungkol sa mga estratehiya ng pakikipagtalastasan sa mga pasyente at mga pamilya.

Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad – Ang Resident Care Team ay mayroong tungkulin sa proseso ng paglipat/pagpalabas para matiyak na ligtas at maayos ang paglipat ng lahat ng pasyente.

Mga Disiplina	Mga Kredensiyal	May Pananagutan sa:
Mga Medikal na Serbisyo Mga Nangunguna: Wilmie Hathaway, Chief Medical Officer Lisa Hoo, Chief of Staff Monica Banchemo, Chief of Medicine	DO o MD	Nagsasagawa ng mga medikal na pagtatasa

<p>Mga Serbisyong Pangangalaga</p> <p>Nangunguna: Terry Dentoni, Acting Chief Nursing Officer</p> <p>Grupong Suporta: Mga Nursing Director Mga Nurse Manager Mga Charge Nurse</p>	<p>RN at LVN</p>	<p>Pagpapatupad ng pangkalahatang saklaw ng gawaing pangangalaga, kalakip ang pagtataguyod ng kalusugan, pag-iwas sa sakit, at pangangalaga sa mga may karamdaman sa pisikal. Nagsusubaybay sa iba pang mga paraan ng pangangalaga sa kalusugan. Tinitiyak na ang bawat plano sa pangangalaga sa pasyente ay isinasagawa at nagpapatuloy sa kabuuang proseso ng pagsasara.</p>
<p>Mga Serbisyong Panlipunan</p> <p>Nangunguna: Janet Gillen, Director of Social Services</p>	<p>LCSW at MSW</p>	<p>Nagsasagawa at naglalaan ng mga panlipunan at sikolohikal na mga pagtatasa at suporta sa lahat ng pasyente. Nakikipagtulungan at nagsasagawa ng mga pagpupulong sa mga pasyente at/o kinatawan tungkol sa Plano sa Pagsasara. Tumutukoy sa mga opsiyon sa pagpalabas at mga kinakailangang serbisyo. Nagre-refer at nagsasaayos ng mga referral ng mga pasyente patungo sa ibang mga pasilidad. Nagsasaayos ng paglipat ng mga pasyente, gaya ng transportasyon, patungo sa ibang mga pasilidad. Nagkokolekta ng mga opsiyon na may kaugnayan sa petsa patungo sa pagpalabas, mga serbisyo at datos ng pagpalabas.</p>

<p>Paggamit ng Pangangasiwa ng Daloy ng Pasyente</p> <p>Nangunguna: Maria Chavez-Lagasca, Nurse Manager</p>	<p>RN at LVN</p>	<p>Nagsasagawa ng mga pagrerepaso sa rekord para sa antas ng pangangalaga, mga kahilingan ng batas at mga suportang Serbisyong Panlipunan sa pagtukoy sa potensiyal na mga pasilidad para sa mga kama na puwedeng gamitin. Nagsasaayos ng mga kahilingan ng batas para sa mga pagdinig sa pagpalabas. Nagtitiyak na walang mga bagong pasyente na tatanggapin simula 4/14/22. Tumutulong sa pagkokolekta ng mga datos na may kaugnayan sa pagsulong ng pagpalabas.</p>
<p>Serbisyong Pangkalusugan sa Pag-uugali</p> <p>Nangunguna: Yifang Qian, Chief of Psychiatry</p>	<p>CADC II, MSW, LCSW, PsyD, PhD, MD</p>	<p>Hangga't naangkop, naglalaan ng tulong para sa trauma ng mga pasyente at/o naglalaan ng emosyonal na pangsuportang impormasyon sa mga pamilya/kinatawan tungkol sa plano sa paglipat.</p>
<p>Activity Therapy</p> <p>Nangunguna: Jennifer Carton-Wade, Assistant Hospital Administrator</p>		<p>Tumutulong sa paggawa ng iskedyul ng mga pagpupulong sa mga pamilya at/o mga kinatawan. Tumutulong sa pag-aalam ng mga kagustuhan ng pasyente. Naglalan ng transportasyon sa mga pasyente patungo sa kanilang lilipatang destinasyon hangga't naangkop. Nag-iiskedyul at nagsasaayos ng mga pangkomunidad na pagpupulong ng mga pasyente na tinatalakay ang plano sa pagsasara.</p>

<p>Mga Pagtanggap at Pagiging Karapat-dapat</p> <p>Nangunguna: George Villavicencio, Patient Access Admission and Eligibility Manager</p>		<p>Tumutulong sa pagre-refer ng mga benepisyo o karapatan ng pasyente sa mga lupong tagapamahala, tulad ng SSA. Naglalaan ng pinansiyal o pangtitulong pagtuturo sa mga pasyente at/o mga kinatawan.</p>
<p>Mga Serbisyong Pangkapaligiran</p> <p>Nangunguna: Chauncey Jackson, Director of Environmental and Fleet Services</p>		<p>Tumutulong sa pagsasaayos o paglalaan ng transportasyon sa mga pasyenteng ililipat o ilalabas patungo sa bagong pasilidad. Tinitiyak na ang mga gamit ng pasyente ay maipadala mula sa isang pasilidad papunta sa isa pang pasilidad.</p>

Fig. 3. Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad ng Laguna Honda.

Petsa ng Pagsumite ng Plano sa Pagsasara: Mayo 13, 2022 Pirma:

1



Michael Phillips, MHA, FACHE
Chief Executive Officer, Laguna Honda Hospital & Rehabilitation Center

Mga Inilakip na Dokumento:

1. Halimbawang Sulat - Abiso sa Pasyente/Miyembro ng Pamilya/ Legal na Kinatawan
2. Ehekutibong Buod ng Plano sa Pagsasara
3. Halimbawang Sulat Para sa Mga kawani
4. Abiso Tungkol sa Karapatang Umapela
5. Sensus ng Pasyente
6. Timeline ng Pagsasara sa Pasilidad
7. Patakaran sa Pagsasara sa Pasilidad ng LHH

REPASO NG CDPH AT CMS AT PAG-APRUBA/PAGTANGGI

Petsa ng Pagkatanggap ng CDPH sa Plano: _____
Sinuri ni: _____ Petsa: __/__/__
Aprubado: _____ Tinanggihan: _____. Mga Komento: _____
Nirepaso Ni: _____ Petsa: __/__/__
Aprubado: _____ Tinanggihan: _____. Mga Komento: _____

Petsa ng Pagkatanggap ng CMS sa Plano: _____
Sinuri ni: _____ Petsa: __/__/__
Aprubado: _____ Tinanggihan: _____. Mga Komento: _____
Nirepaso Ni: _____ Petsa: __/__/__
Aprubado: _____ Tinanggihan: _____. Mga Komento: _____

KALAKIP 1

Update sa Pondong Pederal ng Laguna Honda – Abiso ng Plano ng Paglilipat sa Pasyente

Halimbawang Sulat – Abiso sa Pasyente / Kapamilya / Kinatawang Legal

Mahal na Mga Pasyente at Pamilya ng Laguna Honda,

Patuloy ang layunin namin sa Laguna Honda Hospital para sa kaligtasan ng pasyente at pagbibigay ng mahusay na pangangalaga sa kapaligirang bukas, mapaghilom at ligtas. Karangalang maglingkod sa mga pasyente ng Laguna Honda at mas malawak na komunidad ng San Francisco.

Alam ninyo, sa kabila ng mahahalagang pagpapahusay para makasunod sa mga bantay at para sumuporta sa kaligtasan ng pasyente, tinapos kailan lamang ng Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare and Medicaid Services o CMS)) ang paglahok ng Laguna Honda sa mga programang Medicare at Medicaid, na nagpopondo sa malaking bahagi ng pangangalaga ng mga pasyente ng Laguna Honda. Naatasan ng CMS ang Laguna Honda na ibigay ang abisong ito at ang Plano sa Paglilipat at Relokasyon ng Pasyente sa mga benepisaryo ng Medicare at Medicaid. Tinutugunan ng Plano ang mga hakbang na dapat gawin ng Laguna Honda para patuloy na matugunan ang inyong mga pangangailangang medikal, kasama ang masimulan ang proseso ng pagtatasa sa mga pasyente, pakikipagpulong sa mga pasyente/kinatawan, at ligtas na mailipat ang mga pasyente sa ibang pasilidad.

Ayon sa iniatas na Plano, sisimulan ng kawani ng Laguna Honda na tasahin ang pangangailangan sa pangangalaga ng bawat pasyente para makatulong sa ligtas at maayos na paglilipat sa isang angkop na mapaglalagyan sa ibang pasilidad. Isasaalang-alang namin ang mga napili ninyo alinsunod sa mga makukuhang pasilidad at lokasyon hangga't maaari at ang inyong partikular na espesyal na pangangalagang pangkalusugan at kalusugan sa pag-iisip o pangangailangan sa paggamot. Kukuha rin kami ng impormasyon mula sa mga kapamilya ng pasyente.

Magtutulongan ang aming mga kawani para hindi kayo mahirapan hangga't maaari sa pagtupad sa prosesong ito sa paraang mas kaunti, kung hindi man sadyang maiwasan, ang pagkakaroon ng trauma sa paglilipat (transfer trauma). Ang trauma sa paglilipat ay traumatikong bunga na mararanasan dahil sa biglaan at hindi kusang paglilipat ng pasyente mula sa isang residensiyal na pasilidad papunta sa ibang pasilidad. Naniniwala kami na mababawasan ang trauma sa paglilipat para sa bawat pasyente kung tayo, ang pasyente, at kanyang kapamilya at/o responsableng kinatawan ay magtutulongan para magkaroon ng paglilipat na maayos at sumusunod sa mga tuntuning nakasaad sa pagsasara ng pasilidad. Walang dami ng pagsisikap sa paghahanda ang ganap na makakatanggal sa lahat ng trauma ng paglilipat sa inyo, o sa pamilya. Makikipagtulongan kami sa inyo at lagi kayong sasabihan sa lahat ng hakbang para mabawasan ang mga epektong ito.

Sa bagay na ito, bibigyan kayo sa iba pang bahagi ng sulat ng mas malinaw na pag-unawa sa proseso na mangyayari sa mga susunod na buwan bago ang paglipat ng bawat pasyente.

Nakalakip sa sulat na ito ang isang Ehekutibong Buod nitong plano, at makukuha ang buong plano para marepaso ninyo sa pamamagitan ng paghingi ng kopya mula sa alinmang Nursing Station sa Laguna Honda, o sa pagtawag sa 415-759-2300. At kung may tanong kayo tungkol sa plano, tumawag sa 415-759-2300.

Ganap na nakatuon ang pamunuan ng Laguna Honda Hospital sa kaligtasan ng pasyente at magpapatuloy na makikipag-ugnayan sa inyo at inyong pamilya sa panahong ito ng transisyon.

1. **Pangkalahatang Payo at Impormasyon**: Maglalaan kami ng mga sanay na kawani para matulungan kayo sa lahat ng desisyon sa paglipat. Magsasagawa kami ng mga pana-panahong pulong sa kabuuan ng proseso para mai-update ang ating pagsulong at masagot ang lahat ng inyong alalahanin. Makokontak din kami araw-araw para sagutin ang mga madaliang tanong at alalahanin.

2. **Mga Pangangailangan at Serbisyo sa Mga Pagtatasa ng Pasyente**: Gagawa ang kuwalipikadong empleyado ng plano para sa mga pangangailangan at serbisyo na kabibilangan ng mga rekomendasyon, pati pagpapayo at pagbisita na follow up, para maiwasan o mabawasan hangga't maaari ang mga epekto ng trauma sa paglipat. Tatasahin ng aming mga kawani ang pagkilos (functioning) na panlipunan at pisikal ng bawat Pasyente. Kasama sa pagtatasa ang mga rekomendasyon para maiwasan o mabawasan ang potensiyal na masamang ibubunga sa kalusugan ng paglipat, gayundin ang uri ng pasilidad na pinakaangkop sa bawat Pasyente.

Maaaring piliin ng ilang Pasyente at/o kanilang kinatawan na lumipat na bago matapos ang mga pagtatasa ng Pasyente. Hindi matatawaran ang halaga ng mga pagtatasa sa Pasyente para maunawaan at mapaliit ang potensiyal ng trauma sa paglipat. Hinihikayat namin ang lahat ng Mga Pasyente at kanilang kinatawan na mapayagan ang pagtapos sa pagtatasa ng Pasyente bago ang paglipat.

3. **Mga Pangangailangan sa Relokasyon ng Pasyente**: Susuriin namin ang mga pangangailangan sa relokasyon ng bawat Pasyente at pamilya ng Pasyente at tutukuyin ang pinakaangkop at makukuhang uri ng pangangalaga at serbisyo sa hinaharap para sa bawat Pasyente. Pag-uusapan namin ang plano para sa mga pangangailangan at serbisyo sa bawat Pasyente at kanyang pamilya at/o responsableng partido. Magiging bahagi ng rekord ng bawat Pasyente ang plano para sa mga pangangailangan at serbisyo.

4. **Mga Pangangalaga at Serbisyon Medikal sa Hinaharap**: Isasaayos namin ang relokasyon kausap ang pasyente at partidong responsable, kasama ang pagtukoy ng mapaglalaman at tutulong sa paglipat para sa mga pasyenteng may espesyal na pangangailangan sa transportasyon. Maaaring gumawa ang Pasyente o kapamilya ng Pasyente o kinatawan ng iba pang pagsasaayos ng sarili nila kung gusto nila. Bagama't gagawin namin ang kailangang pag-aayos para sa pangangalagang ito, hindi magbabayad ang Laguna Honda ng gayong pangangalaga o serbisyo sa hinaharap.

5. Naglakip kami ng listahan ng lahat ng pasilidad na SNF sa loob ng Lungsod at County ng San Francisco, gayundin ng ilang pasilidad sa kalapit na mga lugar, at sasabihan namin kayo ng pinakaangkop na pasilidad na lapat sa inyo. Ginawang komprehensibo ang listahan para mabigyan kayo ng maraming mapagpipilian. Nasa labas ng San Francisco ang ilang mapagpipiliang mapaglalagyan. Layunin ng listahan na bigyan kayo at ang inyong pamilya ng kung ano ang makukuhang mapagpipilian, pero ang mapagpipiliang maayos para sa inyo ay maaaring iba ayon sa pagtatasa at sa inyong personal na pangangailangan. Maaaring walang kamang makukuha sa mga pasilidad sa listahang ito.

6. Magsisilbi itong sulat bilang pormal na abiso na agad nang magsisimula ang proseso ng relokasyon ng mga pasyente ng Laguna Honda, at sunod sa mga kahingian ng Seksiyon 1336.2 ng California Health & Safety Code, walang pasyenteng kakailanganing lumipat nang mas maaga nang **animnapung (60) araw (bago mag-Hulyo 15, 2022)**. Puwedeng magkusa ang mga pasyente na lumipat nang mas maaga sa Hulyo 15, 2022. Sa pakikipag-usap sa pangkat na klinikal, hihikayatin ang mas maagang paglipat, pero hindi kailangan, batay sa pagkakaroon ng makukuhang kama sa piniling lokasyon na may pagbibigay-diin sa pinakaangkop na malilipatan para sa pasyente. Sa paglalagay natin sa bawat pasyente sa mga bagong pasilidad, mababawasan ang makukuhang lugar at ang kalapitan ng makukuhang pasilidad sa bawat pamilya ng pasyente o mas lalayo pa ang mapipiling lokasyon. Mangyaring pumili nang maayos at sa lalong madaling panahon para makakuha ng mapaglalagyan na malapit hangga't maaari para sa mahal sa buhay o lugar na mas pinili. Isinama namin ang isang listahan ng mga pasilidad sa Lungsod at County ng San Francisco at mga kalapit na lugar at puwede rin namin kayong bigyan ng listahan ng mga pasilidad sa alinmang lugar na gusto ninyong lipatan. Kakausapin namin ang bawat Pasyente at responsableng partido para pag-usapan ang angkop na malilipatan sa isang pasilidad na malapit hangga't maaari sa inyong gustong lokasyon na makakatugon sa mga pangangailangan ninyo.

7. I-update ang inyong plano ng mga serbisyo/pagtatasa ng relokasyon sa natitira pang araw ng pagtigil para mabigyan kayo ng pinakabagong impormasyong makukuha sa oras ng paglipat.

8. Kalakip ang isang listahan ng mga makukuhang ahensiya sa suportang komunidad at serbisyo bukod pa sa suporta at mga serbisyo na patuloy na ibibigay ng Laguna Honda at mga ahensiya ng gobyerno.

9. Tutulong kami sa pagtugon sa lahat ng inyong pangangailangan sa pinakamabuting paraang magagawa namin. Makukuha ninyo ang pagtatasa sa Pasyente sa lalong madaling panahon. Walang Pasyente ang kailangang lumipat hangga't hindi pa natatapos ang mga pagtatasa sa Pasyente at natanggap na ninyo ang mga rekomendasyon sa relokasyon. Kapag ibinigay sa inyo ang mga rekomendasyon ng relokasyon, maaaring piliin ng bawat Pasyente na umalis nang mas maaga sa Pasilidad para makakuha ng malilipatan sa alinmang rekomendadong pasilidad. Makukuha ng bawat Pasyente o kinatawan ng Pasyente ang plano ng paglipat nang walang bayad kapag humiling. May karapatan kayong mapag-usapan ang pagtatasa ng relokasyon anumang oras at may karapatan kayo at/o inyong legal na kinatawan upang matugunan ang ebalwasyon na ito.

10. Tumigil kaming tumanggap ng mga bagong pasyente simula noong Abril 14, 2022.

11. Binigyan namin ng kopya nitong plano ang lokal na Ombudsperson at aabisuhan namin sila

agad kapag may rekomendasyon na sa inyong mapaglalagyan. Sasabihan din namin sila tungkol sa inyong bagong lokasyon batay sa impormasyon na ibinigay ninyo o ng inyong legal na kinatawan.

Nagsisilbi ang programa ng pangmatagalang pangangalaga na Ombudsperson bilang tagapagsulong para sa lahat ng mga residente ng pasilidad sa bihasang pangangalaga. Kumpidensiyal at walang bayad ang mga serbisyo ng Ombudsperson. Kung gusto ninyong kausapin o konsultahin ang programa ng pangmatagalang pangangalaga na Ombudsperson para sa Lungsod at County ng San Francisco tungkol dito sa abiso at Plano, o kaugnay ng alinmang desisyon sa mapaglalagyan, narito ang impormasyon ng pagkontak sa kanila:

San Francisco LTC Ombudsperson Program
c/o Felton Institute
6221 Geary Boulevard, 3rd Floor
San Francisco, CA 94121
ombudsman@felton.org
415/751-9788
felton.org/social-services/seniors/sf-ltc-ombudsman-program/

12. **Mga Apela:** May karapatang legal kayo na mag-apela tungkol sa alinmang paglilipat at/o pagpalabas. Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado (Department of Health Care Services o DHCS) ay may Office of Administrative Hearings and Appeals (OAHA) para marinig itong mga apela. May website ang OAHA na mapagkukunan ng karagdagang impormasyon: <https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/Pages/Transfer-Discharge-and-Refusal-to-Readmit-Unit.aspx>. Kasama rin ang impormasyong ito sa inyong abiso ng paglilipat at/o pagpalabas. Ang impormasyon sa pagkontak para sa paghiling ng apela o pag-alam ng higit pa tungkol sa karapatang ito ay:

Office of Administrative Hearings and Appeals
Department of Health Care Services
Telephone: (916) 445-9775
(916) 440-5105, o
Mag-email sa OAHAefax@dhcs.ca.gov.

Tandaan ang isang apela ay hindi magresulta sa pagpapanumbalik ng mga benepisyong pinansiyal o pagkasakop ng pananatili ninyo sa Laguna Honda.

Tulad ng nasabi sa itaas, ang aming pangunahing layunin ay mabawasan ang mga epekto ng trauma sa paglilipat sa sinumang Pasyente. Puwedeng kusang lumipat ang ilang Pasyente bago matapos ang mga pagtatasa sa Pasyente na nabanggit sa itaas. Muli naming hinihikayat ang bawat pasyenteng lumahok sa mga konsultasyong follow-up na iialok sa bawat Pasyente anuman ang kalagayan sa paglilipat. Hinihikayat ang pagsali ninyo sa proseso ng paglilipat at sasagutin ang lahat ng inyong tanong. Nagsisikap kami na patuloy na maibigay ang pinakamabuting pangangalaga sa kabuuan nitong proseso. Makakatulong ang ambag ninyo sa pagsisikapna ito para mabawasan ang mga epekto sa bawat Pasyente sa pinakamalawak na magagawang paraan.

Sumasainyo,

Michael T. Phillips, MHA, FACHE

Punong Tagapagpaganap na Opisyal (Chief Executive Officer)

KALAKIP 2

Ehekutibong Buod ng Planong Pagsasara

EHEKUTIBONG BUOD NG PAGSASARA AT PLANO SA PAGLILIPAT AT RELOKASYON NG MGA PASYENTE NG LAGUNA HONDA HOSPITAL AND REHABILITATION CENTER

Nagsumite ang Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center (Laguna Honda) ng isang Abiso ng Pagsasara at Plano sa Paglilipat at Relokasyon ng Mga Pasyente (Plano sa Pagsasara) sa Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare and Medicaid Services o CMS), at sa Kagawaran Para sa Pamublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health o CDPH) noong Mayo 9, 2022, kasunod ng pagtatapos ng sertipikasyon ng CMS para sa Laguna Honda sa Medicare/Medicaid Program na magkakabisa sa Abril 14, 2022. Itong Ehekutibong Buod ng Planong Pagsasara ay nagbubuod sa mga hakbang na gagawin ng Laguna Honda para magsara pagdating ng Setyembre 13, 2022.

Layunin ng Plano ng Pagsasara na tiyakin ang ligtas, maayos, at sang-ayon sa klinikal na pangangailangan na paglilipat o pagpalabas ng bawat pasyenteng benepisyaryo ng Medicare at Medicaid. (Pansinin na kaugnay lamang ang Plano ng Pagsasara ng mga pasyenteng benepisyaryo ng Medicare at Medicaid.) Palalabasin o ililipat ang lahat ng pasyente sa pinakaangkop na pagamutan ayon sa kalidad, serbisyo, at lokasyon, na natukoy na angkop ng mga residenteng pangkat ng tagapangalaga at isinaalang-alang ang indibidwal na pangangailangan at mga pinili ng pasyente. Mga makatwirang tantiya ang lahat ng mga itinakdang panahon na nasa Plano ng Pagsasara. Gagawin namin ang makakaya para mailipat ang mga pasyente sa loob ng takdang oras ng CMS na ipinayo para sa planong ito. Kung walang makuhang kapalit na mapaglilagyan sa pasyente at nagawa ang lahat para masubukang mailipat sila ng lugar, may kasunduan na pagtutulungan ng lahat ng partido, kasama ang Kagawaran Para sa Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health), CMS, at CDPH para matukoy ang mga mapagkukunan ng tulong at solusyon kung paano pinakamabuting mapaglilingkuran ang mga natitira pang pasyente.

Tinitiyak ng Laguna Honda na hindi sila gagawa ng anumang magbabawas sa dami ng kawani o alinmang pangangalaga o serbisyong inilalaan, at mananatiling nakatuon sa kanilang mga pasyente, pamilya, at empleyado sa pagbibigay ng mahusay na pangangalaga sa panahon ng proseso ng pagsasara.

Abiso ng Pagpalabas/Paglilipat

Bibigyan ng Laguna Honda ang bawat pasyente ng isang Abiso ng Mungkahing Paglilipat/Pagpalabas bago pa ang anumang paglilipat o pagpalabas, na may mungkahing petsa ng paglilipat nang hindi bababa sa 60 araw pagkaraan ng unang abiso ng pagsasara ng pasilidad, maliban sa mga sitwasyon kung saan ang presensiya ng pasyente ay naglalagay sa panganib sa kalusugan o kaligtasan ng pasyente o iba pang indibidwal sa Laguna Honda, kung mangyari ito ay maibibigay ang abiso nang mas mababa sa 60 araw pagkatapos ng unang abiso ng pagsasara ng pasilidad. Babanggitin ng abiso ang inirerekomandang paglipat o pagpalabas at ang mga dahilan sa paglipat sa wika at paraan na maiintindihan ng pasyente at kinatawan ng pasyente.

Ipapadala itong mga abiso sa bawat pasyente batay sa pansariling pangangailangan ng bawat pasyente pagkatapos ng pagtatasa para mapababa ang posibleng trauma dahil sa paglilipat. Ang bawat abiso ng paglilipat ng pasyente ay ipapadala agad pagkatapos ng pagtatasa sa pasyente at kapag natukoy at puwede na ang mapaglalagyan.

Mga Pagtatasa sa Pasyente

Tatapusin ng Laguna Honda ang mga sumusunod na pagtatasa para sa bawat pasyente bago ang anumang paglilipat sa panibagong pasilidad o pagpalabas sa komunidad. Sabayang tatasahin ang mga pasyente sa lahat ng yunit, at kapag nakita ang isang angkop na paglilipat para sa sinumang pasyente, iaalok ito sa pasyenteng iyon anuman ang Grupo sa pagtatasa.

Kritikal itong mga pagtatasa sa pagtukoy ng angkop na pasilidad para matugunan ang pangangailangan at pinili ng pasyente.

Pagtatasang Medikal at Pangangalaga. Tatasahin ang bawat pasyente ng itinalagang doktor at mga lisensiyadong nars mula sa pasilidad para matukoy ang mga pangangailangang medikal at pangangalaga ng pasyente.

Panlipunang Pagtatasa. Tatasahin din ng mga social worker ang bawat pasyente para matukoy ang tiyak na mga pangangailangang panlipunan na kailangan para sa paghanap ng isang angkop na mapaglalagyan.

Minimum Data Set (MDS) na Pagtatasa. Ipagpapatuloy ng pasilidad mga pagtatasang MDS para makuha ang mga kakayahan ng pasyente sa pagkilos (function) at mga pangangailangang pangkalusugan.

Pag-iisipan ng Laguna Honda ang bawat pagtatasa na nakalista sa itaas sa panahon ng proseso ng paghahanda ng mga rekomendasyon para sa pagpalabas/paglilipat para sa bawat pasyente na binalangkas sa ibaba.

Mga Pagpupulong ng Pasyente at Pamilya

Gagawin ng Laguna Honda ang unang pulong sa bawat pasyente at kapag maaari, sa kinatawan ng pasyente. Layunin sa unang pulong na bigyan ng impormasyon ang pasyente at kinatawan tungkol sa proseso ng pagsasara at kumuha ng mungkahi para sa desisyon sa paglilipat/pagpalabas. Aabisuhan nang pasalita at sa sulat ang bawat pasyente at kinatawan tungkol sa pulong.

Magsisimula agad ang mga pulong kasunod ng pagtatasa ng bawat indibidwal na pasyente ayon sa patuloy na batayan at kasabay ng natitira pang pagtatasa ng pasyente. Kapag naaangkop, itatakda ang pulong na follow-up para matiyak na bawat pasyente at kinatawan ng pasyente ay naiintindihan ang proseso ng pagtatapos at paglilipat/pagpalabas.

Pagtukoy sa Mga Kama at Pagtambal sa Mga Pasyente

Rerepasuhin at tatasahin ng Laguna Honda sa bawat pasyente ang kasalukuyang antas ng pangangalaga, pangangailangan, at pinipili para matukoy ang potensiyal na pagpalabas at (mga) mapagpipilian para sa paglilipat. Makikipagtulungan ang Laguna Honda sa DHCS at CDPH sa pagtukoy ng mga kama para sa mga pasyenteng Medi-Cal na kailangan ng nasasakop na pangangalagang pangkalusugan, mga lokal na ahensiya para sa step down facilities, at ang

Ombudsperson at alin pa mang mapagkukunan ng tulong. Ang Laguna Honda ay mag-a-update araw-araw sa CDPH tungkol sa kabuuang bilang ng mga pagpalabas at ng natitirang sensus ng pasyente. Magre-refer din ang Laguna Honda ng mga pasyente na nakakatugon sa tiyak na pamantayan para sa takdang programa ng paggamot at mga serbisyo (*hal.*, residensiyal na mga pasilidad sa paggamot sa substance use).

Kapag kailangan o kapag pinili ng mga pasyente at kanilang kinatawan, magsasaliksik din ang kawani ng Laguna Honda sa ibang lugar para makahanap ng kama. Dahil sa dami ng mga pasyente sa Laguna Honda na karamihan ay may komplikadong pangangailangan, inaasahan ng Laguna Honda na kakailanganin ang mga mapaglalagyan na nasa labas ng San Francisco Bay Area, kabilang ang Northern California, ang Central Valley, Southern California, at posible ang mga kalapit na estado.

Itatambal ng mga kawani ng Laguna Honda ang makukuhang kama sa mga pasyente para magkaroon ng pinakamabuting akomodasyon batay sa lokasyon, serbisyo, at pangangailangang psychosocial. Likas na bahagi ang mga pasyente at kanilang kinatawang legal sa prosesong ito.

Pagdinig ng Apela sa Pagpalabas/Paglilipat

May karapatan ang bawat pasyente na i-apela ang paglilipat o pagpalabas at susundin ng Laguna Honda ang proseso ng Pagdinig sa pagpalabas at mga kahilingan sa bawat apela.

Kapag pinili ng pasyente na i-apela ang pagpalabas mula sa Laguna Honda, hindi palalabasin ng Laguna Honda ang pasyente habang ginagawa ang apela, maliban na lamang na kapag hindi ginawa ang pagpalabas o paglilipat ay ilalagay sa panganib ang kalusugan o kaligtasan ng mga pasyente o iba pang indibidwal, at sa ganitong mga kaso pagkatapos lamang ng usapan at pag-aproba ng CDPH. Pansinin na hindi hahantong ang isang apela sa pagbabalik ng benepisyong pinansiyal o pagkasakop ng pananatili ng pasyente sa Laguna Honda sa kabuuan ng proseso ng pagsasara.

Paglilipat at Pagpalabas sa Pasyente

Ililipat ang mga pasyente sa mga tumatanggap na pasilidad o palalabasin pabalik sa komunidad sa paraang maayos. Para sa pagpalabas sa komunidad, bibigyan ng Laguna Honda ang pasyente at/o pamilya o kinatawang legal ng pag-aaral at pagsasanay para sa pagpalabas (*hal.*, gamit ng kasangkapan at paggamot sa medikasyon, magsaayos ng follow up para sa tagabigay ng serbisyo sa pangunahing pangangalaga at pakikipagkita para sa mga serbisyo, at magbigay ng gamot sa pagpalabas at kailangang kasangkapan at mga kagamitan para sa 30 araw, kung angkop sa kalagayang klinikal).

Kaugnay ng mga paglilipat ng pasyente sa panibagong pasilidad, susundin ang mga sumusunod na hakbang para sa bawat pasyente:

Mga Medikal na Rekord. Maghahanda ang Laguna Honda ng elektronikong medikal na rekord, na kasama ang alinmang naaangkop na dokumentong legal gaya ng guardianship, Power of Attorney, at nauna nang naitakdang kautusan (advanced directives). Ang huling tatlong buwan ng medikal na rekord at dokumentong MDS ng bawat pasyente ay una ng ililipat sa bagong pasilidad, na masusunod pa ng mas kompletong rekord.

Mga gamot. Kapag napalabas ang isang pasyente sa isang sitwasyong pangkomunidad, palalabasin ang pasyente na may hanggang 30 araw na supply ng gamot, kung angkop sa kalagayang klinikal. Para sa mga pagpalabas o paglipat sa mga SNF o iba pang mapaglalagyang pasilidad, magbibigay ang Laguna Honda ng hanggang 14 araw na supply ng gamot para sa bagong pasilidad.

Mga Pag-aari ng Pasyente. Ililista ng Laguna Honda ang lahat ng personal na gamit ng pasyente bago ang paglipat sa isang bagong pasilidad. Ihahanda at ililipat ng Laguna Honda ang mga personal na gamit ng bawat pasyente kasabay ng pasyente, ngunit maaaring ang mga kinatawan ng pasyente ang maglipat sa mga gamit.

Mga Pondo ng Pasyente. Isasaayos ng Laguna Honda ang pondo ng pasyente para mailipat sa bagong pasilidad o tiyakin ang pagpapatuloy at ang pagtutuos ng pondo ng isang pasyente sa naangkop na paraan.

Impormasyong Social Security. Kukumpletuhin at ipapadala sa mail ng Laguna Honda, para sa bawat pasyenteng nailipat, ang pagbabago ng address para sa Social Security batay sa kahilingan ng pederal na Social Security Administration

Pagtatago ng mga Rekord. Kaugnay ng mga rekord na hindi nailipat kasama ng mga pasyente o mga sarado/naarkibong rekord, nagbigay ang Laguna Honda ng pagtatago ng gayong mga rekord sa tagal na 10 taon.

INILAKIP NA DOKUMENTO 3

Halimbawang Sulat Para sa Mga Kawani ng Laguna Honda

[Isasailalim sa rebisyon batay sa kolaborasyon sa mga katuwang sa paggawa at Human Resources.]

Mahal na Mga Kawani ng Laguna Honda,

Layunin namin sa Laguna Honda Hospital na mapanatili ang kaligtasan at makapaglaan ng pinakamahasag na pangangalaga sa isang mapagpatuloy, nakapagpapagaling at ligtas na kapaligiran.

Gaya ng alam na ninyo, sa kabila ng mga malalaking pagsulong bilang pagsunod sa mga tagapagpatupad ng batas at pagsuporta sa kaligtasan ng pasyente, pinatigil kamakailan ng Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS) ang pakikibahagi ng Laguna Honda sa mga programa ng Medicare at Medicaid, na nagbibigay ng pondo sa halos lahat ng pangangalaga sa pasyente ng Laguna Honda.

Ipinakikita sa Plano ang mga hakbang na dapat gawin ng Laguna Honda upang patuloy na matugunan ang mga pangangailangang medikal ng ating mga pasyente, kalakip ang pagsisimula sa proseso ng pagsagawa ng pagtatasa sa mga pasyente na benepisyaryo ng Medicare at Medicaid, pagsasagawa ng mga pagpupulong sa mga pasyente/mga kinatawan, at ligtas na paglilipat sa mga pasyente patungo sa ibang mga pasilidad.

Gaya ng hinihiling sa Plano, sisimulan ng mga kawani ng Laguna Honda ang pagtatasa sa bawat pangangailangan sa pangangalaga ng bawat pasyente para makatulong sa ligtas at maayos na paglipat patungo sa angkop na paglalagyan sa ibang pasilidad. Isasaalang-alang namin ang mga kagustuhan ng bawat pasyente at ng kanilang mga kinatawan na may kaugnayan sa mga pasilidad at lokasyon na puwedeng lipatan saanman posible at ang kanilang espesipikong pangangailangan sa pangangalaga at kalusugan sa pag-iisip o mga pangangailangan sa paggamot.

Isang Ehekutibong Buod ng planong ito ang ilalakip sa sulat na ito, at ang kompletong Plano ay maari ninyong makuha para sa inyong pagrerepaso sa pamamagitan ng paghiling ng kopya nito sa alinmang Nursing Station sa Laguna Honda, o sa pamamagitan ng pagbisita sa lagunahonda.org.

INILAKIP NA DOKUMENTO 4

Abiso ng Paglipat/Pagpalabas at Karapatang Umapela



San Francisco Health Network
Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center
375 Laguna Honda Blvd. San Francisco, CA 94116

Abiso sa Iminumungkahing Paglipat/Pagpalabas at Karapatan na Umapela

ADDRESSOGRAPH

Batay sa mga dahilan na ipinaliwanag sa ibaba, isang desisyon ang ginawa upang ilipat/ilabas si

mula sa pasilidad na ito.

Pangalan ng Residente

Ang petsa ng abiso na ito ay:

Petsa ng Abiso sa Residente

Pangalan ng Legal na Kinatawan ng Residente (kung kinakailangan)

Petsa ng Abiso

Pangalan at Relasyon ng Miyembro ng Pamilya

Petsa ng Abiso

Petsa ng Pagsasabisa ng Paglipat/Pagpalabas

(Ang petsa ng pagsasabisa ay hindi dapat lalagpas sa 30 araw mula sa petsa ng abiso sa residente. Gayunpaman, maaari kayong ilipat ng pasilidad bago matapos ang 30 araw, kapag nararapat itong gawin pagkatapos ng abisong ito, kung nakikitaan ng alinman sa mga kalagayan na nakalista sa ibaba (bilang 1-6)).

(Mga) Dahilan sa Paglipat/Pagpalabas:

Paalala:

Hinihiling ng mga alituntuning pederal na ang inyong paglipat/pagpalabas ay kailangang para sa isa sa sumusunod na mga dahilan:

1. Ang paglipat o pagpalabas ay kinakailangan para sa inyong kapakanan at ang inyong mga pangangailangan ay hindi matutugunan ng pasilidad.
2. Ang paglipat o pagpalabas ay naangkop dahil bumuti na nang husto ang kalusugan ninyo kaya hindi na ninyo kailangan ang mga serbisyong inilalaan ng pasilidad.
3. Ang kaligtasan ng mga indibidwal sa pasilidad ay manganganib kung mananatili kayo.
4. Ang kalusugan ng mga indibidwal sa pasilidad ay manganganib kung mananatili kayo.
5. Nabigo kayo, pagkatapos ng makatwiran at nararapat na abiso, na magbayad para sa (o na nagbayad sa ilalim ng Medicare o Medi-Cal) pananatili sa pasilidad. Kung kayo ay maging kuwalipikado para sa Medi-Cal pagkatapos matanggap sa pasilidad, maaaring singilin lang sa inyo ng pasilidad ang mga pinahihintulatang singil sa ilalim ng Medi-Cal. Gayundin, kung natanggap kayo bilang residente na karapat-dapat sa Medicare, maaaring singilin lang sa inyo ng pasilidad ang mga pinahihintulatang singil sa ilalim ng Medicare.
6. Ang pasilidad ay titigil na sa operasyon.

Ang residente ay lilipat/lalabas patungo sa:

Pakitandaan ang sumusunod:

1. Kung sa palagay ninyo na ang iminumungkahing paglipat/pagpalabas ay hindi nararapat sa sitwasyon ninyo, may karapatan kayong umapela. Ang apela ay maaaring isumite sa pamamagitan ng pag-email sa QAHAefax@dhcs.ca.gov, pag-fax sa (916) 440-5105, o pagpadala sa postal mail sa sumusunod na mga address:
Department of Health Care Services
Tanggapan ng mga Administratibong Pagdingig at Apela (Office of Administrative Hearings and Appeals)
TDA/RTR Unit
3831 North Freeway Blvd., Suite 200
Sacramento, CA 95814

Ang telepono ng punong tanggapan ng OAHA ay (916) 322-5603, at ang fax ay (916) 323-4477.

MR 707 (Rev. 04/18)

Puti - Medikal na Rekord

Yellow - Pasyente/Pamilya

Pink - Mga Serbisyong Panlipunan

LHH 1792

Pahina 1 ng 2



San Francisco Health Network
Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center
375 Laguna Honda Blvd. San Francisco, CA 94116

Abiso sa Iminumungkahing Paglipat/Pagpalabas at Karapatan na Umapela

ADDRESSOGRAPH

2. Kung maghain kayo ng apela, puwedeng kayo ang pumunta sa pagdinig o gumamit ng legal na tagapayo, kamag-anak, kaibigan, o ibang tagapagsalita.
3. Kung maghain kayo ng apela, dapat na bibigyan kayo o ang kinatawan ninyo ng pagkakataon na masuri sa makatwirang haba ng panahon bago ang petsa ng pagdinig at sa panahon ng pagdinig ang:
 - a. Mga nilalaman ng inyong medikal na rekord, at;
 - b. Ang lahat ng dokumento at mga rekord na gagamitin ng Estado sa pagdinig.
4. Kung maghain kayo ng apela, maaari kayong magdala ng mga saksi sa pagdinig.
5. Maaari rin ninyong talakayin ang iminumungkahing paglipat/pagpalabas kasama ng sinuman sa dalawa
 - 1) ang Ombudsman ng ospital sa extension ng ospital 4-2312.
Sa mga oras ng Martes at Huwebes mula 10:00 a.m. hanggang 12 ng tanghali; o
 - 2) Long-Term Care Ombudsman ng Estado na maaaring kontakin sa mga sumusunod na adres:

Pangalan:	Office of the State Long-Term care Ombudsman
Adres:	2880 Gateway Oaks Drive, Suite 200 Sacramento, CA 96833 (916)
Telepono:	419-7510
6. Kung may kapansanan kayo o may mga isyu sa kalusugang pangkaisipan, maaari rin ninyong kontakin ang:

Executive Director
Disability Rights California
100 Howe Avenue, Suite 185N, Sacramento, CA
95825 Telepono: (916) 488-9950
7. Mga apela sa panahon ng Proseso sa Pagsasara: Para sa mga paglipat/pagpalabas sa panahon ng planong pagsasara ng pasilidad, ang apela ay hindi magreresulta sa pagpapanumbalik ng mga benepisyo o pagkasakop para sa kanilang paninirahan sa Laguna Honda sa panahon ng proseso ng pagsasara. Ang proseso sa pag-apela ay magsasangkot ng isang pagtatasa kung, pagkatapos tanggihan ang isang magagamit at katanggap-tanggap na opsyon sa paglipat o pagpalabas, ang pasyente ay may iba pang paraan na magagamit upang bayaran ang halaga ng mga serbisyo sa Laguna Honda sa panahon ng proseso ng pagsasara hanggang sa petsa ng pagsasara.
8. Kung nais ninyong maghain ng apela para sa paglipat/pagpalabas na ito, iminumungkahi na gawin ninyo ito sa loob nang sampung (10) araw sa kalendaryo na kayo ay nabigyan ng abiso tungkol sa iminumungkahing paglipat/pagpalabas. Ang desisyon tungkol sa apela ay karaniwan nang gagawin sa loob nang tatlung (30) araw simula sa petsa na pormal kayong binigyan ng abiso. Gayunpaman, ang kakayahan ng Departamento na magsagawa ng desisyon sa loob ng panahong ito ay maaaring naglalagay sa panganib kung ang apela ay hindi naisumite sa loob nitong sampung (10) araw ng kalendaryo na iminumungkahing haba ng oras.
9. Maaari kayong ilipat/mailabas ng pasilidad bago matapos ang tatlung (30) araw, kahit na hindi pa naipataw ang desisyon tungkol sa apela. Gayunpaman, maaari kayong pahintulutan ng pasilidad na manatili hanggang sa dumating ang desisyon kung ito ang pagpapasya ng pasilidad.
10. Dapat ninyong malaman na ang desisyon sa paglipat/pagpalabas sa inyo ay maaaring sang-ayunan, sa ganitong sitwasyon dapat na nakahanda na kayong mailipat/mapalabas sa katapusan ng tatlung (30) araw mula sa petsa na kayo ay pormal na binigyan ng abiso.
11. Kayo o ang inyong legal na kinatawan ay maaaring magpareserba ng kama sa loob ng 7 araw kung kayo ay inilipat sa isang pasilidad na nagsasagawa ng mas masinsinang pangangalaga. Pagkalipat ninyo sa isang pangkalahatang ospital na nagsasagawa ng mas masinsinang pangangalaga, dapat na ipaalam ninyo o ng inyong kinatawan sa Laguna Honda Hospital Admitting and Eligibility Department sa (415) 682-5680 sa loob ng 24 oras kung gusto ninyo o ng inyong kinatawan na magreserba ng kama. Kung kayo ay pasyenteng hindi kuwalipikado sa Medi-Cal, kayo ang may pananagutan sa gastusin sa mga araw na pinareserba ang kama, at maaari o maaaring hindi sakop ng seguro ang mga gastusing iyon.

Petsa at Pirma
Kinatawan ng Pasilidad

Kung ang residente ay walang kakayahang pumirma o makasulat ng marka, pakisuyong sulatan ang linya sa itaas kasama ang 2 saksi

Petsa at Pirma
Residente o KKinatawan ng
Residente

Saksi

Saksi

INILAKIP NA DOKUMENTO 5

Sensus ng Pasyente

Nitong 5/6/22


SNF na Antas ng Pangangalaga	PAMANTAYAN	SENSUS
Naka-Lock/Naingatang Pangangalaga sa Memorya	Mga pasyenteng may pangunahing diyagnosis ng dementia na may panganib na maglayas/gumalagala. Mga pasyenteng may malalang karamdaman sa pag-iisip at walang kakayahang gumawa ng mga desisyong medikal para sa kanilang sarili; Ang mga pasyenteng nangangailangan ng tagapag-ingat o SDM ay sasang-ayon sa paglalagyan ng Pasyente sa isang ligtas na kalagayan.	41
Pinakaisang Suporta	Mga pasyenteng may mga karamdaman sa pag-uugali dahil sa mga karamdaman sa kalusugang pag-iisip, ang mga pag-uugali ay nakitang nauugnay sa sakit sa utak (hal., istrok, multiple sclerosis, dementia, at mga kondisyong neuro-oncological), sa pansamantala gayundin sa permanenteng mga karamdaman sa utak (hal., metabolic at toxic encephalopathies), at/o pinsala (hal., trauma, hypoxia, at/o ischemia).	55
Pangangalaga sa Memorya	Mga pasyenteng may katamtaman hanggang sa malalang karamdaman sa pag-iisip na nakaabot sa minimum na kahingian para sa mga pangangailangan ng may kasanayang pangangalaga.	167
Nakapokus sa Wika	Mga pasyenteng nakaabot sa minimum na kahingian para sa mga pangangailangan ng may kasanayang pangangalaga na nagsasalita ng isang wika lamang; ang komunidad ay nangangakong maglaan ng pangangalaga sa lahat ng pasyente na isinasaalang-alang ang kanilang kultura at wika.	112
SNF na Rehab	<p>May nakitang isa o higit pang pangunahing mga karamdaman sa pisikal na humahadlang sa kakayahang kumilos. Nangangailangan ng superbisyon ng pangangalaga 24 oras araw-araw sa isa o higit pa sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsasanay sa B/B (bituka at pantog) na pangangasiwa • Pagsasanay sa pangangalaga sa sarili • Pagsasanay o instruksiyon sa mga babalang pangkaligtasan • Pagsasanay sa kakayahan sa pag-iisip • Pagbabago at pangangasiwa sa pag-uugali <p>May kakayahang makibahagi ng lubos sa programa ng rehabilitasyon at nakapagpakita ng kakayahan sa pagsulong may kinalaman sa mga malakihang layunin sa pagkilos.</p>	43
Malalang Rehab	<p>Mga pasyenteng may malalang karamdadam sa pagkilos, gayundin ang mga may dokumentadong pangangailangang medikal at pangangalaga, anuman ang diyagnosis, na nangangailangan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • 24-oras na serbisyo ng mga nars na may kasanayan sa rehabilitasyon • Aktibo at nagpapatuloy na masinsinang programa ng rehabilitation therapy na isinasagawa ng marami at lisensiyadong mga propesyonal sa rehabilitasyon sa isang programa na intensibo sa oras at naorganisa sa paraang medikal <p>Mga pasyenteng may kakayahan sa pakikibahagi ng lubos sa intensibong antas ng rehabilitasyon (sa pangkalahatan, ito ay 3 oras na therapy bawat araw, 5 araw bawat linggo). At dapat nakapagpakita ng kakayahan sa pagsulong tungkol sa may layunin at malakihang mga layunin sa pagkilos.</p>	0

Malalang Karamdamang Medikal	Mga pasyenteng may malalang karamdaman lamang at mayroong angkop na pangangalagang medikal ang ina-admit. Ang mga pasyenteng nangangailangan ng mga operasyon, pangkritikal na pangangalaga, telemetry o hemodynamic na pagmomonitor ay hindi tatanggapin sa Acute Medical Unit.	5
Positibong Pangangalaga	Mga pasyenteng may HIV/AIDS at nangangailangan ng SNF na antas ng pangangalaga. Matutugunan ng yunit ang mga pangangailangan ng mga pasyenteng may dementia na nauugnay sa HIV at naglalaan ng 24-oras na suporta para sa isang komunidad ng mga tao na may pagkakaiba-iba at namumuhay na may HIV/AIDS.	53
Pangangalaga Para Mabawasan ang Panakit (Palliative Care)	Mga pasyenteng nakaabot sa minimum na kahingian ng SNF na antas ng pangangalaga at may nakamamatay na sakit o malala at nagpapatuloy na karamdaman na maaaring makatanggap ng benepisyo sa palliative care na mga serbisyo.	50
Masalimuot na Pangangalaga na May Kabuuang Suporta	Mga pasyenteng may mga kondisyong medikal na nangangailangan ng mataas na antas ng suporta, kalakip ang, pero hindi lamang ang mga ito, tracheostomy na pangangalaga, enteral tube nutrition, suporta sa paghinga, at mas pinataas na pangangalaga.	160
	KABUUAN	686

INILAKIP NA DOKUMENTO 6

Timeline ng Pagsasara sa Pasilidad ng LHH

Itinakdang Pagsasara at Plano ng Paglilipat at Relokasyon ng Pasyente (v.5.5.22)



INILAKIP NA DOKUMENTO 7

Patakaran sa Pagsasara sa Pasilidad ng LHH

PLANO SA PAGSASARA SA PASILIDAD

PATAKARAN

Ang Chief Executive Officer (CEO) ng Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center (LHH), bilang Administrador ng LHH, ang may pananagutan sa pagsunod sa mga kahingiang pederal ng Medicare Conditions of Coverage at ng mga itinakda at pinapatupad na batas ng estado sa panahon ng pagsasara sa pasilidad na ito.

LAYUNIN:

Para balangkasin ang mga tungkulin at mga responsibilidad ng CEO at ng Grupo sa Pagsasara sa Pasilidad sa panahon na dapat nang isara ang pasilidad.

PROSESO:

Dapat gawin ng CEO ang:

Pagsumite ng plano (Plano) sa pagsasara/paglipat sa San Francisco District Office of the Licensing and Certification Program of the California Department of Public Health (CDPH) para aprubahan, alinsunod sa mga kahingiang pederal at estado.

Pagsumite ng Plano ng hindi kukulangin 30 araw bago ng pagbibigay ng anumang nakasulat na abiso tungkol sa pagsasara para aprubahan ng CDPH.

Pagsasama sa Chief Medical Officer ng LHH at sa nangangasiwang mga kawani sa pagsulong ng Plano para maging ligtas at maayos ang paglipat, pagpalabas o paghahanap ng angkop na lillipatan ng lahat ng pasyente.

Paglikha ng grupo ng propesyonal na mga kawani para tumulong sa mga pasyente at mga pamilya sa paghanap ng alternatibong paglalagyan.

Pagtukoy sa mga puwedeng gamitin na paglalagyan na isinaalang-alang ang kalidad, mga serbisyo, at lokasyon bago ang pagsagawa ng nasusulat na abiso tungkol sa pagsasara.

Pagtiyak na nakompleto ng bawat doktor ng pasyente, at ng resident care team (RCT) ang medikal na pagtatasa.

Dapat ilakip sa pagtatasang ito ang medikal na kondisyon ng pasyente, at ang pagkamaselan nito para maiwasan ang mga maaaring ibunga nito sa kalusugan kalakip ang mga sikolohikal na epekto/trauma sa paglipat bago ang pagbibigay ng nasusulat na abiso tungkol sa pagsasara.

Dapat maging laman ng kompletong pagtatasa ang mga rekomendasyon sa pagpapayo, mga follow-up na pagbisita, at iba pang nirerekomendang mga serbisyo ng ibat-bang mga propesyonal sa kalusugan.

Pagtiyak na ang pagtatasa sa kilos panlipunan at pisikal ng bawat pasyente batay sa mga mahahalagang bahagi ng minimum data set (MDS), na ipinakita sa Welfare and Institutions Code §14110.15 ay nakompleto ng angkop na mga kawani bago ang nakasulat na abiso sa pasyente.

Pagkatapos maaprubahan ng CDPH ang Plano, magbigay ng nakasulat na abiso para sa mga sumusunod na indibidwal/mga ahensiya sa loob ng 60 araw bago ang iminumungkahing petsa ng pagsasara;

Mga kawani ng

LHH; Mga

pasyente;

Mga legal na kinatawan ng pasyente;

Iba pang may mga pananagutang

partido;

Pangmatagalang Pangangalagang Ombudsman ng Estado;

Kagawaran ng Mga Serbisyo sa

Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado;

CMS Region IX, Survey at Sertipikasyon;

Anumang planong pangkalusugan ng isang

apektadong pasyente; at mga kawani ng

Komunidad na naglalaan ng pangangalaga

sa pasyente.

Paglakis ng mga pangalan ng mga apektadong pasyente na may angkop na impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan sa nakasulat na abiso na ipapadala sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) (DHCS) at sa anumang planong pangkalusuganng isang apektadong pasyente.

Ang nilalaman ng nakasulat na abiso ay dapat na susunod sa mga kahingiang pang-estado at pederal.

Pag-iskedyul ng isang pangkomunidad na pagpupulong na nag-aanyaya sa mga pasyente, legal na mga kinatawan ng mga pasyente, pamilya at mga lokal na opisyal sa kalusugan.

Hindi pagtanggap sa mga bagong pasyente sa petsa na naipadala ang nakasulat na abiso o pagkatapos ng petsang iyon. Ang mga pasyente na bumalik mula sa ibang ospital o iba pang lokasyon ng pangangalaga ay hindi ituturing na mga bagong tanggap na pasyente.

Pagpapaalam sa anumang maaaring pumasok na pasyente ng intensiyon sa pagsasara, pagkatapos mailaan ang nakasulat na abiso sa seksiyon 2, sa itaas.

Pakikipagpanayam at pagtalakay tungkol sa pagsasara kasama ng mga pasyente, kanilang legal na mga kinatawan, tagapag-ingat/tagapagbantay, pamilya/kaibigan o iba pa, upang makatulong sa pagpapaunawa sa kanila tungkol sa pagsasara at sa kanilang mga karapatan, kung ito ay naaangkop habang isinasaalang-alang ang:

Bawat pangangailangan

ng pasyente; Bawat

kagustuhan ng pasyente;

Bawat interes ng pasyente sa ikabubuti nito;

Rekomendasyon tungkol sa uri ng kalagayan na angkop para sa bawat pasyente;

Malapit sa pamilya, mga kaibigan, at/o mga legal na serbisyo.

Pinakaangkop at magagamit na uri ng pangangalaga at mga serbisyo sa hinaharap.

Pagtulong sa mga pasyente o mga kinatawan nila sa pagkuha ng impormasyon na kailangan sa paggawa ng may kaalamang desisyon tungkol sa paglilipat ng pasilidad.

Pagtiyak na ang lahat ng kaugnay na medikal na impormasyon at iba pa ay maibigay sa tatanggap na pasilidad upang matiyak ang ligtas at epektibong pagpapatuloy sa pangangalaga. Karagdagan pa, ang mga sumusunod ay dapat ibigay sa tatanggap na pasilidad:

Mga impormasyon para makontak and kinatawan ng pasyente at (mga)

indibidwal na kailangang kontakin;

Nauna nang Naitakdang Kautusan (Advance Directive) na impormasyon;

Lahat ng instruksiyon tungkol sa mga espesyal na instruksiyon o mga pag-iwas sa panganib, kung naaangkop;

Malawakang layunin na plano sa pangangalaga; at

Kopya ng Buod sa pagpalabas ng bawat pasyente.

Pagtiyak na ang paglipat/pagpalabas ay itatalaga sa medikal na rekord ng bawat pasyente bago ang paglipat. Kasama sa dokumento ang batayan ng paglipat/pagpalabas.

Pagtiyak na ang mga personal na pag-aari ng bawat pasyente ay naiulat bago ang paglipat at sa panahon ng paglipat.

Pag-alok na repasuhin ang mga regular na pangangalaga sa bawat pasyente, mga pangangailangan at mga kagustuhan nila kasama ang mga kawani na mangangalaga sa pasyente sa tatanggap na pasilidad;

Pagpapaalam sa anumang practitioner o mga nangangalaga sa kalusugan na naglalaan ng pangangalaga at mga serbisyo sa mga pasyente, tungkol sa pagsasara sa pasilidad at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tatanggap na pasilidad. Kalakip dito ang mga pasilidad para sa dialysis at iba pang kagaya nito.

Kung praktikal at naaangkop, titiyakin ang may kabatiran sa trauma, malinaw, at napapanahong komunikasyon tungkol sa mga nabanggit na proseso sa mga stakeholder para matiyak na epektibo at ligtas ang pagpapatakbo ng mga plano.

Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad: Mga Papel at mga Responsibilidad

Grupo ng Administrasyon ng Pasilidad – Maglilingkod bilang nangunguna at miyembro ng mga kawani na may pananagutan sa pagpapatakbo, pagpapatupad, at pagmomonitor ng bawat gawain at mga timeline at deadline ng pagkukompleto; kalakip ang Mga Serbisyong Medikal, Mga Serbisyong Pangangalaga, Pangangasiwa sa Kalidad, at Pagpapatakbo ng mga Pangu suportang Serbisyo. Maglalaan ng gabay at pagtuturo sa Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad tungkol sa mga estratehiya ng pakikipagtalastasan sa mga pasyente at mga pamilya.

Grupo ng Pagsasara sa Pasilidad – Ang bawat miyembro ng mga kawani na bahagi ng bawat Resident Care Team ng pasyente, ay mayroong tungkulin sa proseso ng paglipat at reloksyon para matiyak na ligtas at maayos ang paglipat sa lahat ng pasyente.

Mga Disiplina	Mga Kredensiyal	Partidong May Pananagutan
<p>Mga Medikal na Serbisyo</p> <p>Mga Nangunguna: Chief Medical Officer Chief of Staff Chief of Medicine</p>	DO o MD	Nagsasagawa ng mga medikal na pagtatasa
<p>Mga Serbisyong Pangangalaga</p> <p>Nangunguna: Chief Nursing Officer</p> <p>Grupong Suporta: Mga Nursing Director Mga Nurse Manager Mga Charge Nurse</p>	RN at LVN	Pagpapatupad ng pangkalahatang saklaw ng gawaing pangangalaga, kalakip ang pagtataguyod ng kalusugan, pag-iwas sa sakit, at pangangalaga sa mga may karamdaman sa pisikal. Nagsusubaybay sa iba pang mga paraan ng pangangalaga sa kalusugan. Tinitiyak na ang bawat plano sa pangangalaga sa pasyente ay isinasagawa at nagpapatuloy sa kabuuang proseso ng pagsasara.
<p>Mga Serbisyong Panlipunan</p> <p>Nangunguna: Direktor ng Mga Serbisyo para sa Mga Miyembro</p>	LCSW at MSW	Nagsasagawa at naglalaan ng mga panlipunan at sikolohikal na mga pagtatasa at suporta sa lahat ng pasyente. Nakikipagtulungan at nagsasagawa ng mga pagpupulong sa mga pasyente at/o kinatawan tungkol sa Plano sa Pagsasara. Tumutukoy sa mga opsiyon sa pagpalabas at mga kinakailangang serbisyo. Nagre-refer at nagsasaayos ng mga referral ng mga pasyente patungo sa ibang mga pasilidad. Nagsasaayos ng paglipat ng mga pasyente, gaya ng transportasyon, patungo sa ibang mga pasilidad. Nagkokolekta ng mga opsiyon na may kaugnayan sa petsa patungo sa pagpalabas, mga serbisyo at datos ng pagpalabas.
<p>Paggamit ng Pangangasiwa ng Daloy ng Pasyente</p>	RN at LVN	Nagsasagawa ng mga pagrerepaso sa rekord para sa antas ng pangangalaga, mga kahilingan ng batas at mga suportang Serbisyong Panlipunan sa pagtukoy sa potensiyal
<p>Nangunguna: Nurse Manager</p>		mga pasilidad para sa mga kama na puwedeng gamitin. Nagsasaayos ng mga kahilingan ng batas para sa mga pagdinig sa pagpalabas. Nagtitiyak na walang mga bagong pasyente na tatanggapin simula 4/14/22. Tumutulong sa pagkokolekta ng mga datos na may kaugnayan sa pagsulong ng pagpalabas.

Serbisyong Pangkalusugan sa Pag-uugali Nangunguna: Chief of Psychiatry	CADC II, MSW, LCSW, PsyD, PhD, MD	Hangga't naangkop, naglalaan ng tulong para sa trauma ng mga pasyente at/o naglalaan ng emosyonal na pangsuportang impormasyon sa mga pamilya/kinatawan tungkol sa plano sa paglipat.
Aktibidad na Therapy Nangunguna: Assistant Hospital Administrator		Tumutulong sa paggawa ng iskedyul ng mga pagpupulong sa mga pamilya at/o mga kinatawan. Tumutulong sa pag-alam ng mga kagustuhan ng pasyente. Naglalan ng transportasyon sa mga pasyente patungo sa kanilang lilipatang destinasyon hangga't naangkop. Nag-iiskedyul at nagsasaayos ng mga pangkomunidad na pagpupulong ng mga pasyente tinatalakay ang plano sa pagsasara.
Mga Pagtanggap at Pagiging Karapat-dapat Nangunguna: Patient Access Admission and Eligibility Manager		Tumutulong sa pagre-refer ng mga benepisyo o karapatan ng pasyente sa mga lupong tagapamahala, tulad ng SSA. Naglalaan ng pinansiyal o pangtitulong pagtuturo sa mga pasyente at/o mga kinatawan.
Mga Serbisyong Pangkapaligiran Nangunguna: Director of Environmental and Fleet Services		Tumutulong sa pagsasaayos o paglalaan ng transportasyon sa mga pasyenteng ililipat o ilalabas patungo sa bagong pasilidad. Tinitiyak na ang mga gamit ng pasyente ay maipadala mula sa isang pasilidad papunta sa isa pang pasilidad.

INILAKIP NA DOKUMENTO:

Wala

SANGGUNIAN:

42 CFR § 483.15(c)(1) Pagtanggap, Paglipat at Mga Karapatang Pagpapalabas – Mga Kailangan ng Pasilidad
42 CFR § 483.15(c)(2) Pagtanggap, Paglipat, at Karapatang Pagpapalabas – Dokumentasyon

42 CFR § 483.15(c)(8) Pagtanggap, Paglipat, at Mga Karapatang Pagpapalabas – Abiso Bago Ang Pagsasara ng Pasilidad

42 CFR § 483.70(l) Administrasyon – Pagsasara ng Pasilidad-

Administrador
42 CFR § 483.70(m) Administrasyon – Pagsasara ng Pasilidad

Mga Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 1336-1336.2 Mga Kinakailangan sa Paunang Abiso sa Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga